

Ang Romansa ni Magno Rubio

ni Lonnie Carter at Loy Arcenas
(mula sa maikling kuwento ni Carlos Bulosan;
dagdag na dayalogo ni Ralph Peña)
Tampok ang musika ni Fabian Obispo at Mike Velarde

Bernardo Bernardo

MGA TAUHAN:

Koro, 3-5 lalaki

Magno Rubio, sa magkakatulad ay nangunguna

Nick, ang ating Tagapagsalaysay

Claro, na naghahanap sa El Dorado

Prudencio, ang kusinero

Atoy, ang Pasimuno

Clarabelle

LUNAN:

Tirahan ng mga migranteng manggagawa. California

YUGTO 1, Tagpo 1: PAMBUNGAD

Sa gitna ng entablado ay may karatulang malaki kung saan nakasulat ang pamagat ng dula, ANG ROMANSA NI MAGNO RUBIO. Mula sa dilim, papasok ang mga manggagawa na may tangan-tangang mga kaputol na piraso ng yantok na mga tatlong piye ang haba. Iwinawasiwas nila ang mga ito sa hangin. Ito ang mga sandatang nakamamatay ng Arnis na siyang ginagamit sa larangan ng pakikipaglaban ng mga sinaunang Pilipinong mandirigma. Sa maikling panahon, ipapakita ng mga makabagong dalubhasa ang bilis, talino, lakas, at giting ng mapanganib na sining ng arnis.

Pagkatapos ng maikling demonstrasyon, maiiwan si MAGNO sa gitna ng entablado. Iikot ang malaking karatulang nagtataglay ng pamagat ng dula, sa likod nito ay nakasulat sa malalaking letra: NO DOGS AND FILIPINOS ALLOWED. Mapait ang tawanang sasalubong sa bagong karatula—pagkatapos ay haharapin ng mga tauhan ng dula si MAGNO, upang tudyuhin.

LAHAT: Magno Rubio, Filipino boy
Magno Rubio Fili-Pinoy
Magno Rubio por pit six intses tol,
Kung sa kanya nauukol, tiyak bubukol:
Kahit na maliit at di nakakahirin
Wala ring malaki na nakakapuwing!

Haharapin ng KORO ang mga manonood.

NICK: Kami’y mga pres op da bots, mga bagong salta
Dala-dala’y bayong, tampipi, at maleta

MAGNO: Hinarang ng mga sanamabits, mga anak ng pu—

PRUDENCIO: Tanging pangako’y “magandang trabaho, malaki ang kita?”

ATOY: “Good jobs are yours, wages so fine.
Sign your X’s and O’s on the dotted line.”

CLARO: “We love all Filipinos, especially you.
We treat you with respect and with dignity too.”

PRUDENCIO: Kaya dali-daling lumagda. . .

MAGNO: Ang iba, ekis ang iginuhit

CLARO: Nanginginig pa ang mga lintik, sa sobra-sobrang pananabik...

LAHAT: na para bang matitikman, sarap ng unang halik,

NICK: Sa Amerika, ang bayan ng pukyutan at crema

MAGNO: Nakilala ang bagong amo

PRUDENCIO: Sa pangkat ni Foreman Peña

CLARO: Tumalon sa likod ng isang pik ap trak,
Patungo sa kampo, sa daang lubak-lubak

ATOY: Kaming lahat ay napa-Hesus, sa tirahang dinatnan

NICK: Barong-barong na mapanghi at mukhang gipuspos
MAGNO: Tiyak bahay ng mga manok na napeste, natipos
NICK: At ang higaan namin—kutson na yero,
PRUDENCIO: sahig na kahoy
CLARO: lupa,
MAGNO: at semento—
ATOY: Bagsakan ng butong laging nananakit,
LAHAT: Tambakan ng mga pangkat na kung matulog dikit-dikit
CLARO: Gising na kami sa pagtilaok,
NICK: Dirediretso na sa bukid,
MAGNO: Nakayukong namimitas
PRUDENCIO: Maghapon—walang patid
LAHAT: Matiyaga’t walang reklamo—tila maamong kalabaw
CLARO: Babalik lang sa bahay-manok, kapag lubog na ang araw.
ATOY: Kami ma’y me hinanakit o dalang galit sa dibdib
NICK: May oras pa ring tumawa, sa kalokohang naisisingit.
PRUDENCIO: Nguni’t isa sa pangkat, sa gitna ng pangingitngit,
CLARO: Ang isa sa mga Manong ay walang malay na paslit.
LAHAT: Siya si Magno Rubio,
Magbubukid na walang takot
Inaakyat bawa’t bundok
Nang walang sawa at walang pagod.

Magmamartsa ang KORO at gagawing wari’y Tambol Mayor si MAGNO sa isang paradang pang-nayon.

ATOY: Magno Rubio,
LAHAT: Filipino boy
ATOY: Magno Rubio
LAHAT: Fili-Pinoy
Magno Rubio por pit six intses tol
Kung sa kaniya nauukol, tiyak bubukol
Kahit na maliit at di nakakahirin

MAGNO: Wala ring malaki na nakakapuwing!

Ipiprisinta ng KORO si MAGNO sa mga manonood.

ATOY: Ulo man niya'y maliit,

At mga biyas niya'y bansuswit.

MAGNO: Ako'y batang barako

NICK: na doble ang sipa, sobra ang init

PRUDENCIO: Kumakayod sa San Jose, kinikita'y sentimos

MAGNO: Beinte singko lang 'sang oras,

LAHAT: Kaya palagi nang kapos!

ATOY: Ulanin man o arawin, at palagi mang pagod,

CLARO: Ito'ng si Magnong maliit, hindi palaging malungkot.

NICK: Lihim niya, araw-araw, ang umasa't kumapit,

ATOY: Sa pantasyang may dalaga na sa kaniya ay iibig

PRUDENCIO: Minsan, sa pag-inom niya ng alak at serbesa

Binuklat ang magasin na panay larawan ng dalaga

NICK: Sinipat niya at sinuri, bawa't larawang naka-linya

CLARO: Nang biglang napahiyaw,

MAGNO: Tangina! Eto siya!!!

ATOY: Ayun na nga at nakangiti, sa likod ng magasin

MAGNO: Ang babaeng iibigin, kahit hindi pa nakikita.

PRUDENCIO: Mula sa Arkansas, Little Rock, siyudad ng Munting Bato,

ATOY: Isang babaeng taas at lapad ay doble-doble ng kay Magno.

CLARO: At ang kaniyang Binibining Panaginip?

ATOY: Isang higenteng lintik!

MAGNO: (tulala at nakangisi)

Eto na siya! Eto na siya! Eto na siya!

PRUDENCIO: Mga matang-isda ni Magno'y tila putik na kumislap

ATOY: Pumipintig sa dugo, na wari mo ay bubulwak

CLARO: Bumalikwas siya nang kay liksi,

Parang unggoy na nagnanasa

NICK: Pumangos ng tabako, at naglaway ang bunganga
ATOY: Biglang napaubo, sa paa niya napadura.
LAHAT: Sabay lundag paitaas, buong galak na bumagsak
PRUDENCIO: Ano na nga ang naisigaw?
MAGNO: Iniibig ko—siya!
PRUDENCIO: Gago! Libog lang ‘yan. . . Maligo ka nga!
Lalabas sila liban kay NICK, ang Tagapagsalaysay

YUGTO 1, Tagpo 2: TAGSIBOL NOON

Papasok isa-isa ang KORO, habang nagsasalita ang Tagapagsalaysay. Iaayos nila ang mga silya sa loob ng barong-barong.

TAGAPAGSALAYSAY: Simula pa lang ng Tagsibol noon. Sa labas, kumikislap ang araw sa mga burol na nalalatagan ng hamog. Doon kung saan wari’y umiindak ang mga maharlikang korona ng edelweiss kasabay ng mga ligaw na bulaklak sa parang na kulay bughaw. Umaga noon at wala kaming trabaho.

Ilan sa aming mga kasama sa pangkat ay natutulog sa teheras, ang iba naman ay naglalaro ng baraha sa isang sulok ng barong-barong, at mayroon ding tumutugtog ng gitara sa balkon. Mayroong isa na natutulog, o mukhang natutulog.

ATOY: Hoy, Magno, maglaro tayo ng blackjack,
Ano? Makabawi ka man lang sa natalo’t nawaldas!
Pupunuin natin ang bulsa mo ng dolyar, tig-lilima,
Kung gusto mo tig-sasampu, aba, kayang-kaya!

CLARO: Tara kay Jezebel, makipag-girian sa kuta
Tutugtog si Atoy ng mandolin at gitara
At sasayaw si Nickie, ang ngiti abot-tenga.

ATOY: Napakintab na ni Prudencio ang kaniyang sapatos
PRUDENCIO: At munting batuta ni Atoy, handa nang lumusob.

CLARO: Matatapos nang magluto at maglinis si Prudencio,
Kakaladkarin na natin, sa ayaw niya't sa gusto
ATOY: Nagmamakaawa para sa iyo ang mga babae, Magno
Hanap-hanap ang espesyal na hipon mo
CLARO: Nananabik sila para sa iyo, Magno Macho
Gabundok na mutsatsa ikaw lang ang gusto
MAGNO: Ayaw ko na ng baylarina!
Ayaw ko na ng baylarina!

Patuksong sasayawan ni ATOY at CLARO si MAGNO.

KORO: Baylarina! Baylarina! Sige na—sige pa!
Baylarina! Baylarina! Sige na—sige pa!
MAGNO: Ayoko!
(*Nasa sariling daigdig niya si MAGNO*)
Busilak na ang aking puso—busilak nang muli
Sa aking anghel iaalay, sa kaniya lang bukod tangi
Banal nang muli ang aking kaluluwa—malinis nang muli
Kay gandang Clarabelle—anghel na mithi
ATOY: Anghel?
CLARO: Na mababa ang lipad.
ATOY: Anghel?
CLARO: Ano nga ang sukat at lapad?
ATOY: Anim na piye ang tangkad. Sandaan nobenta y singko ang bigat
PRUDENCIO: Naku, Totoy, pag di nag-ingat, baka ikaw ay mapisat!
CLARO: Teka... Gusto ko yatang makitang malagutan siya ng hininga.
ATOY: Gusto kong makita'y senyoritang makapigil-hininga!
PRUDENCIO: Hoy, Atoy! May asawa ka sa Pilipinas, hinihintay ka!
ATOY: Ilang taon na kaming hindi nagkikita,
ang tunay na lalaki, likas na pagala-gala

Patuloy pa rin si MAGNO sa kaniyang pangangarap.

MAGNO: Gusto ko ng matangkad.
KORO: Siyang ninanais ng pandak.
MAGNO: Gusto ko ng malapad.
KORO: Siyang minimithi ng payat.
MAGNO: Gusto ko ng six pit wan ninety payb

Lalapit si PRUDENCIO upang pabirong magbigay ng payo.

PRUDENCIO: Hesukristo, lalamunin ka niya nang buhay
Ngunguyain ka nang pinong-pino
Kapag kinalampag ka bawa't saglit.
Baka pati daga mo—biglang maging bubwit.
CLARO: Ay, pagsinta sa dalagang di pa nakikita
Sa Arkansas nagmula,
ATOY: Dumating Biyaheng Papel
CLARO: Isang magasin ang nagdala.
Lutang ang isip na lalayo at magbabadya si MAGNO
MAGNO: Iniibig ko siya!

Titingin sa malayo ang KORO at pinag-iisipan ang bagong pangarap ni MAGNO.

YUGTO 1, Tagpo 3: PATULOY ANG ARAW

TAGAPAGSALAYSAY: Patuloy lang ang pang-araw-araw na takbo ng aming buhay kapag wala kaming trabaho. At ngayon, pinag-iisipan namin ang romansa ni Magno Rubio sa isang babaeng nasa mga bulubundukin ng Arkansas. Isang babaeng natagpuan ni Magno, sa tulong ni Claro, sa isang magasin para sa mga pusong nalulumbay.

Inis na babaling si CLARO kay MAGNO.

CLARO: Sira talaga ang kukote mo! Pahalang man o pahaba,
doble ang laki niya sa iyo!

MAGNO: Ano naman ang kinalaman ng laki sa pag-ibig?

CLARO: Iyon ang narinig ko sa tiyo ko.

MAGNO: Posibleng nagkamali ang Tiyo mo.

CLARO: Hindi siya maaaring magkamali. Isa siyang maginoo.
Maski itanong mo kay Prudencio.

PRUDENCIO: Nagluluto si Prudencio. Huwag tatanungin si Prudencio
kapag siya'y nagluluto.

CLARO: Hesusmariahosep, at ano naman ang niluluto mo?

PRUDENCIO: Adobong kuneho at kalderetang aso. . . Awoooo!

Pupunasan ni PRUDENCIO ang ilong niya ng daliri at ipapahid ito kay CLARO.

CLARO: Sige na, Prudencio, sabihin mo...yung alam mo sa tiyo ko

PRUDENCIO: O, sige na nga. . .
Ang nasabing tiyuhin
Sabi niya'y maginoo—
may pang-Kuwaresmang alituntunin:
Tanging yaman ay palambutin, at kung kailangan—tiklupin
Mula Miyerkoles ng Abo hanggang sa Pagkabuhay sa Linggo
Kaniyang hinaharap—binigkis at itinago
At nang apatnapung araw ay nagdaan, humayo,
Kaniyang pag-aari—ayaw nang tumayo!

Tawanan ang KORO. Maiinis si CLARO. Haharapin si PRUDENCIO.

CLARO: Manong, konting ingat sa pagbuska
At baka hindi kita matantiya

Aawat si ATOY.

PRUDENCIO: Uy! Ikaw ang mag-ingat, kapatid

At baka sa Alcatraz ka masampid

CLARO: Hoy! Ibahin mo ito. . . May plano ako.

PRUDENCIO: At tungkol naman saan... Kolehiyo? Paaralan?!

MAGNO: Kasalan?

ATOY: Putahan?

Parang nananakot, astang-siga si CLARO na lalapit kina ATOY at MAGNO.

CLARO: Kabaklaan? Katangahan?

PRUDENCIO: Tama na 'yan! . . .

Maaawat si CLARO

Kung plano ang pag-uusapan, si Nickie ang magaling diyen.
Siya ang dapat mong lapitan...

Babaling si MAGNO kay NICK.

MAGNO: Nick, di ba't pumapasok ka sa kolehiyo? "College boy Nick"
ka, di ba?

CLARO: College Boy Nickie!

NICK: Paminsan-minsan, Magno, I matriculate.

MAGNO: Pa-Ingles-Ingles pa 'to. Anong matriculate?

CLARO: Hoy Magno, ang ibig sabihin noon, iniiyot niya ang nanay mo.
Palalagpasin mo ba iyan?

NICK: Ang ibig sabihin noon, Magno, pumapasok ako sa kolehiyo
kapag may pera ako.

MAGNO: Gaya ngayon?

NICK: Hindi. Hindi gaya ngayon.

Ano ba ang kailangan mong malaman tungkol sa pag-ibig,
Magno? Nabasa ko na ang lahat ng mga tula tungkol sa pag-
ibig.

MAGNO: Ano ba ang sabi ng mga tula?
 Yun bang laki eh me kinalaman sa pag-ibig?

*Bubuklatin ni NICK ang munting librong tangan at may hahanaping pahina.
Babasahin ito.*

NICK: “*And when I think, fair creature of an hour
 That I may never live to see thee more
 Never have relish in the fairy power
 Of unreflecting love, then on the shore
 Of the wide world I stand alone and think
 ‘Til love and fame to nothingness do sink.*”

Papalakpak si MAGNO. Magtitinginan ang KORO.

PRUDENCIO: Ano daw?!

NICK: Hindi, Magno, sa palagay ko ang laki ng isang tao ay walang
 kinalaman sa pag-ibig.

MAGNO: Nakita mo, Claro!? Ngayon, lumayas ka na... ‘Dun ka sa El
 Dorado mo!

CLARO: Aba, pinalalayas ako ng isang walang pinag-aralang magsasaka?
 Hoy, pupunta ako sa El Dorado ko kapag handa na ako at gusto
 ko nang angkinin ang suwerte ko. O, di ba, Prudencio?

PRUDENCIO: Huwag tatanungin si Prudencio kapag siya’y nagluluto.

CLARO: Simula ngayon, ako na ang magluluto para sa sarili ko.

PRUDENCIO: Impiyerno lang ang ibang kusinero.

CLARO: Puro mga kusinero at mga pesanteng walang pinag-aralan.

MAGNO: Lumayo ka nga sa harapan ko, Claro!

CLARO: Aba, malakas ang loob ng ignoranteng ito na ipagtabuyan ang
 isang tulad ko—na nakatapak ng grade two! Hoy, makinig ka
 pesante—

Dudukot ng pera si MAGNO

MAGNO: Heto ang isang dolyar. Ngayon, umalis ka na. Inumin mo ang alak sa kuwarto mong El Dorado. Ako naman kasi ang baliw at binayaran ko iyon.

Kukunin ni CLARO ang pera. Mapapansin ito ni PRUDENCIO at ATOY

CLARO: Hoy, Igorot—

MAGNO: Heto ang dalawang dolyar. Maging maginoo ka naman, gayahin mo ang tiyuhin mo. Kukunin ulit ni CLARO ang pera at ibubulsa. Mapapailing na lang si PRUDENCIO at si ATOY

CLARO: Ang aking Tiyo Pepe ay hindi nagkamali.
Pagpalain ng Diyos ang kaniyang kaluluwa,
Sa maraming taon ng pagpapangaral niya sa akin,
Ni minsan hindi niya ako nabigyan ng masamang payo.
Basta huwag mo lang kontrahin ang kaniyang kakatwang kuwento
Bendisyonan nawa ng Diyos ang Tiyo Pepe
Kasi meron siyang isang kakatwang kuwento
tungkol sa isang maliit na asong tumakbo
patungo sa tabi ng malaking aso, at nagsabi ng
“Bulaga!”

LAHAT:

CLARO: Totoo!
Ngayon, itong malaking aso ang tunay na watchdog,
kaya lang ay antukin at malimit makatulog
Kaya nga naging trabaho ng asong maliit
Ang bantayan ang watchdog at baka nga maidlip
Minsan ay nakatulog, isang magnanakaw ang nakapuslit
At ang nagligtas at nagpagibik. . .

LAHAT: . . . ay ang asong maliit!

CLARO: At iyan, iyan ang kakatwang kuwento ng aking angkol
Na kahit minsan, di ako tinanong, o giniit
Na malaman kung bakit o bakit o bakit.
Why o why o why.

MAGNO: Wat ar yu toking? Ikaw ang dahilan kung bakit nasisira ang ulo ko, eh!

CLARO: Di ba ikaw ang nagtanong kung ANO ang kinalaman ng laki sa pag-ibig? Yun bang sinabi ng Tiyo ko eh hindi mo narinig? Ang asong maliit ay nasupalpal, At hindi pinansin ng asong malaki. Sa akala mo ba'y minahal Ng asong malaki ang maliit na bayani?

MAGNO: Ano bang pinagsasabi mo? Nasisira na ang ulo ko sa iyo, sa iyong tiyo At sa mga nauulol mong mga aso. Huwag ka nang magsalita, umutot ka na lang! Parang kambing na mabaho ang kuwento mo. Dapat itapon, kasama mo, doon sa kubeta ng barko. Heto ang LIMANG dolyar.

Maglalabas uli ng pera si MAGNO. Mapapatayo na si PRUDENCIO at si ATOY

Maging pinaka-maginoo ka sa lahat ng mga maginoo, gaya ng tiyo ng iyong tiyo.

Sa udyat, papagitnaan nila ATOY at PRUDENCIO sila CLARO at MAGNO.

ATOY: Tingnan mo, Claro—ang perang nasa iyong harapan,

Sunggaban ni ATOY ang pera sa kamay ni CLARO at ibabalik kay MAGNO.

Sunggaban na ang bote ng alak
At tumakbo na sa kuwerto
Kung saan ang pagpapasarap ay naghihintay sa iyo.

PRUDENCIO: Namamahinga na ang angkol mo sa hukay
Doon ay hindi bagay na tarantado ang patay.

ATOY: At yun namang tiyo ng iyong tiyo?

PRUDENCIO: Hindi ba siya yung lasing na natepok
Nang mahulog sa kalabaw at sumalpok
Una ang mukha sa taeng gabundok?!

ATOY: O baka naman kaya ...
yun ang mukhang tulingan na bugaw na pulis
ng putang ina ng tiyo ng iyong tiyong dayukdok?!

CLARO: Mga Igorot kayong lahat!

Hahablutin ni CLARO ang pera mula kay MAGNO at padabog na lalabas patungo sa kaniyang silid. Mabibigla si MAGNO sa mabilis na pangyayari.

PRUDENCIO: Pikon! (Tawanan.)

ATOY: Tatanga-tanga ka kasi. . . Naisahan ka na naman!

Yayayain ni PRUDENCIO si ATOY na maglaro ng baraha.

PRUDENCIO: Tara. . . Pagbutihan mo naman ang pagbalasa ng baraha
Kundi’y tiyak na tiyak mababatukan na kita

ATOY: Manong, aminin na, kayo’y medyo matanda na
Sa labo ng inyong mata, kung anu-ano ang nakikita

Babatukan ni PRUDENCIO si ATOY. Medyo nahihiyang lalapit si MAGNO kay NICK.

MAGNO: Nick, gusto ko sanang sumulat ka ng liham para sa akin.

NICK: Para kanino?

MAGNO: Para dun sa aking sinisinta sa Arkansas.

NICK: Ang akala ko sumusulat ka na sa kaniya.

MAGNO: Medyo ganoon na nga.

NICK: Hindi ko kayang ipahiwatig ang nararamdaman mo, Magno.

MAGNO: Siguradong kaya mo. Ako ang magdidikta sa iyo sa Tagalog at ikaw ang magsasalin sa Ingles.

May maririnig mula sa kuwarto ni CLARO, lumalangitngit na dingding kasabay ng hingal at daing. Mapapansin ito nina MAGNO at NICK. Mapapatigil sa paglalaro sina ATOY at PRUDENCIO.

PRUDENCIO: (Sisigaw.) Hoy! Clarong Malibog!

ATOY: Tama na ang kaskas!!!

Magtatawanan ang KORO. Nakatawang haharap si MAGNO kay NICK.

MAGNO: Ako, merong Clarabelle. At si Claro naman, mayroong Claro. Ang totoo, si Claro ang sumusulat ng mga liham ko. Pero ang mahal niyang sumingil.

NICK: Magkano ang ibinabayad mo sa kaniya?

MAGNO: Medyo kumplikado. Noong umpisa, bote lang ng alak. Tapos, napag-isipan niyang pagkakitaan ng pera. Hindi ko alam kung saan niya napulot yung ideya niya, pero malamang sa pelikula. Ang hiningi niya ng sapilitan, limang dolyar isang sulat.

NICK: Kainaman na yun, Magno. Gumastos din naman si Claro sa pagtuntong niya sa Grade Two.

MAGNO: Kaso, sinulatan ko ang nobya ko—araw-araw.

Eh ang kita ko lang naman e dos singkuwenta—isang araw.

Nick, ikaw ang humahawak ng libro dito. Sumahin mo.

Maniniwala ka ba kung gaano kalaki ng halagang kailangan kong kitain at ibayad? Ganunpaman, kailangang sulatan ko si Clarabelle. Mahal ko siya. Nauunawaan mo ba ako, Nick? Pero hindi lang iyon, Nick. Nang malaman ni Claro na talagang mahal ko si Clarabelle, na hindi ko kayang mabuhay sa mundo nang wala siya, pilit akong siningil ni Claro ng isang sentimo bawa't salita.

NICK: Isang sentimo bawa't salita? Aba, pagnanakaw na iyan!

MAGNO: Tama, at sumulat siya ng mga liham na ubod ng haba na hindi ko naman maintindihan. At gumamit siya ng malalalim na salita! Paano ko malalaman na hindi nagsusulat si Claro para sa sarili niya?

NICK: Mahirap ngang masabi.

MAGNO: Pero hindi naman ako nag-aalala tungkol sa bahaging yan ng usapan . May tiwala ako sa sarili ko.

Sa sandaling ito, malululon ni MAGNO ang tabakong nginunguya, at magsi-simulang mabulunan. Bigla siyang lilingunin ni ATOY at PRUDENCIO.

ATOY: Kumagat ka sa isang pirasong tabako
Babarin at pagulungin sa bungangang imburnal

PRUDENCIO: Pagkatapos umubo, dumahak, dumura
At mula sa iyong pangit na panga
Patuluin ang berdeng plema

ATOY: Ilawit ang kulay abo at makapal na dila
Sa paghimod sa labing nanggigitata,
Bulok man ang ‘yong ngipin, ang di namin makaya

PRUDENCIO: Maitim man ang gilagid, na parang puwit ng ita. . .

PRUDENCIO/ATOY: YANG PAGKA-SALAU LA MO, PAANO MO
NAKAKAYA?

At mula sa kamatayan, magbabalik si MAGNO RUBIO, naghahanap ng hangin, humahatsing at nagpapahayag—

MAGNO: May tiwala ako sa aking sarili!
Sampung sentimo ang singil ni Claro sa bawa’t salita
Dalawampung dolyar ang bayad ko sa bawa’t sulat
Paano ko malalaman kung ang damdaming binigkas ko
Ay inangkin nitong si Claro
para magmukha siyang mas magaling
upang si Clarabelle ay maloko?
Naiisip mo ba, Nick, kung maaaring itong si Claro
ay abot sa lupa kung magpakababa?
Ako ba, kaya niyang linlangin.
Ako ba, kaya niyang dayain?

- NICK: Magno, may mga taong gagawa ng kahit anong masama.
May mga taong gagapang sa dumi ng kapwa para lang kumita ng konting barya.
- MAGNO: Napakalungkot naman, Nick
Ang akala ko, lahat tayo’y ipinanganak na di-madaya, di-manloloko.
- NICK: Lahat tayo’y ipinanganak na matapat. Pero paglaon, nawawala ang katapatan sa marami sa atin.
- MAGNO: Ako, hindi nawala ang pagiging tapat ko.
- NICK: Ang sabi nga nila, “honesty is the best policy.”
- MAGNO: Yun nga ang narinig ko.
“Anesty is da best palisi.”
Hindi ko lang maintindihan, Nick
Kung tapat akong tao,
At si Claro naman na nasa kabilang kuwarto o kabilang katre
Eh hindi naman ganun ka-“anes”
At lagi niya akong niloloko,
Paanong magdudulot ng kabutihan sa buhay ko
ang pamamalakad ko na di-manloloko ?
- NICK: Aba. . .Nakikipagbuno ka sa kabutihan at kasamaan.
- MAGNO: Nakikipagbuno ako sa kabutihan at—teka, teka—
ayokong makipagbuno sa kasamaan.
Kasamaan ang mananalo.
Ano ang nasa panig ng kasamaan, di ba kasalanan?
- NICK: Ah, ngunit nasa paligid lagi ang kasalanan at umaaligid,
Ganito ang dapat gawin—

Imumwestra ni NICK

Ang kasalanan sa gilid ay panatiliing... nakatagilid
At pagkatapos itihaya ito na parang pagong
Para hindi ito makagalaw, para ito’y maging paralisado.
Para wala itong... “mobility.”

MAGNO: “Mo-bi-li-ti?”

NICK: Para hindi makapunta kahit saan.

MAGNO: Para hindi makapunta sa baile tuwing Sabado?

NICK: Tama! Para hindi makapunta sa baile tuwing Sabado.
Para hindi nito maipagawa sa atin ang ayaw nating gawin!

MAGNO: Sumayaw sa paraang ayaw nating sumayaw
Paano kung GUSTO kong sumayaw,
kahit paanong pagsayaw
Ang totoo, ganyang-ganyan ko gustong sumayaw
gusto kong paikutin
at ihagis-hagis sa hangin si Clarabelle
gusto kong hipan ang lahat ng silbato,
sumipol at kalampagin ang lahat ng kampana.
At sino ang dapat sisihin sa nararamdaman ko
At dapat bang pareho lang ang pakiramdam ko kung
mapagbuntunan ako ng sisi?
Nick, Nick, tulungan mo ako ngayon
Santong baka, santong kalabaw na poon
Malaya na ako
Sabihin mong malaya na ako dahil ikaw ay nasa panig ko na—
Isusulat mo ba ako ng liham, Nick?
Nagpapasalamat kami ni Clarabelle sa iyo.

NICK: Hindi ko kayang pantayan ang paglalahad mo, Magno.
Sige, siyempre naman, isusulat ko ang mga liham mo.
Ano pa bang hihilingin ko kundi ang matupad
ang tungkuling ito.
Hindi, hindi ito tungkulin
Kundi kasiyahan ko
Na makita itong maisaayos ng tuluyan.

MAGNO: Ano ang gusto mong mapasaiyo?

NICK: Mapasaakin?
Mapasaakin?
Nasa akin nang lahat ang gusto ko.

MAGNO: Paano? Ni hindi ka tumutunga kahit man lang isang patak

NICK: Oo naman, paminsan-minsan, kapag primera klase ang alak

MAGNO: Hindi mo hinahabol ang mga babae, malaki man ang gusto sa iyo

NICK: Mayroon din akong mga ginusto, kaya lang marami 'kong trabaho

MAGNO: Marami kang trabaho? Laging may panahon
Para sa mga babae na me suot na kung ano kung saan man naroon.
At ikinahihibang ko ang magpakalunod sa mga magasin
Ang mga itsura nila, nananabik, handang-handang gumiling
Mga kabayo at kambing nag-aanyayang kubabawan
Mga naggagandahang dilag, halos di mabilang na larawan.
Pero ikaw, ayaw mong kumasa, bakit nga ba?
Hindi ka nagsusugal,
At ayaw mong ngumuya
o humitit ng tabako
Palaging mga bituin ang tinitingala mo.

NICK: Ay, Magno, doon sa mga bituin nagpupunta ang mga makata.

MAGNO: Doon ko gusto magpunta, Nick

NICK: Sasamahan kita doon, kaibigan.

MAGNO: Kaibigan.
Iyan ang maganda sa iyo, Nick. Ginagamit mo ang edukasyon mo sa wastong gawi.

NICK: Ipagsusulat kita dahil gusto kitang tulungan.
At saka, balang araw, baka kailanganin ko rin ang tulong mo.
Siyanga pala, paano mo alam na matangkad at malaking babae pala ang nobya mong taga-Arkansas?

MAGNO: Sumulat siya sa akin.
NICK: Ang ibig mong sabihin, sinabi sa 'yo ni Claro kung ano ang isinulat ni Clarabelle.
MAGNO: 'Yun mismo.
NICK: Nagpadala ba siya ng litrato niya?
MAGNO: Ito lang.

May ilalabas na ilang pirasong papel si Magno, mga ginupit mula sa magasin na pang-lalaki. Ibibigay niya kay Nick ang isang nalukot na larawan. Pag-aaralan ito ni Nick, malinaw na hindi niya maaninag nang mabuti.

NICK: Gaano katangkad daw ba siya, ayon kay Claro?
MAGNO: Six pit tall, kapag nakayapak.

Haharap at sasabat sila ATOY at PRUDENCIO.

PRUDENCIO/ATOY: Lalamunin siya nang buhay, karneng hilaw mapapapak
MAGNO: Gusto ko ng matangkad!
PRUDENCIO/ATOY: Siyang ninanais ng mga pandak?
MAGNO: Gusto ko ng malapad.
PRUDENCIO/ATOY: Siyang pinapangarap ng mga payat.

Sa dakong likuran, lalabas si CLARO upang magsuklay ng buhok. Maririnig ni CLARO ang usapan.

MAGNO: Wan ninety payb ang bigat,
Eksakto ang sukat.
ATOY: Hesukristo, kung hindi siya maawat.
Lalamunin si Magno
Isusubo nang buo,
PRUDENCIO: Sisipsipin hanggang buto.
Lulunukin pati ang ulo

MAGNO: Susuyuin ko siya ng higit sa sinumang namintuho sa kaniya!

Susugurin ni CLARO si MAGNO

CLARO: Hoy! Hindi mo maaaring ligawan ang dilag na ito na mula sa Arkansas.

Maputi, makipot at kulay mais ang buhok,
Sobrang kinis ang balat na parang inis-is!
Samantalang ikaw, kulay putik, sobrang dungis.
Ni hindi ka naglalaba ng damit,
Ni wala kang amerkanang magagamit.

MAGNO: Aba, aba! Ako? Ako?! Naglalaba ako!
At meron din akong ‘merkanang pang-garbo.

CLARO: Ang gusgusin mong pang-isputing
Na kay baho at kay dusing?
Umaatras pati mga ipis sa mga suot mong amoy puwit,
Pamatay mong mga damit sa punerarya yata nasungkit
Lahat amoy kaning baboy, kahit anong pagkain ang nakahain
Pag napalapit ka sa mesa, sumisirko ang sikmura namin

Magpapanting ang tenga ni MAGNO at makikipag-girian kay CLARO

MAGNO: Ipapakita ko sa iyo, Claro, kung sino ang malinis
at kung sino ang marungis
Itatapon ko ang mga basahang gamit
sa kumukulong kaldero na sobra ang init
Tapos isusuot ko ang aking amerikana
Tsaka magpaparada sa kalye na postura ang porma
Ako si Magno Rubio, ang pinakasiga sa mga siga.

LAHAT: Siya si Magno Rubio, ang pinakasiga sa mga siga

ATOY: Isusuot niya ang kaniyang amerikana,
Tsaka magpaparada sa kalye na postura ang porma

PRUDENCIO: Itatapon niya ang mga basahang gamit
sa kumukulong kaldero na sobra ang init,

ATOY: Ipapakita niya sa iyo Claro, kung sino ang malinis, at sino ang
marungis.

*Lalakad ng paurong si MAGNO patungo sa pintuan palabas.
Kasunod niya si CLARO.*

CLARO: Hubarin na ang mga basahan at pausukan ang mga damit.
Kung maari, pakiusap, hanggang matupok sa sobrang init
Hayaang hipan ng hangin ang lahat ng kaantotan
Sampung milya ang layo mula sa dalampasigan
Kung saan ang mga pating, tuna at balyena
ay magtitikom ng hasang at magsasara ng pambuga.

*Nasa labas na si MAGNO. Hinahabol pa rin ng sigaw ni CLARO.
Humahabol din ng tingin kay MAGNO ang KORO.*

Hoy, taong-kambing na nasiraan ng tiyan,
Nakamamatay mong bantot, gawan mo ng paraan!

*Biglang susulpot sa likod nila CLARO si MAGNO. Gulat na haharap ang
KORO.*

MAGNO: Gagawin ko, gagawin ko—susunugin kong lahat
At maliligo ako sa kalderong nagliliyab
Aahon akong kay linis at kay kinis,
handang-handang makiniig
Sa dilag mula Arkansas , na ang buhok kulay mais

*Mag-gigirian muli si MAGNO at si CLARO. Lihim na magsesenyasan ang
KORO na paglaruan si CLARO. Tatayo sa likod ni CLARO sina PRUDEN-
CIO at ATOY, si NICK naman sa likod ni MAGNO*

CLARO: Sige, hubarin mo ang mga gamit mong basahan
At nang kami ay mapilitang sa labas magsipulasan
Maaangot na mga dagang nagtatago sa kubeta
Tiyak magsisilikas, sa oras na maamoy ka

MAGNO: Heto na, heto na, kung ‘yan ang gusto mo, tae ng ina mo!

Huhubarin ni MAGNO ang kanyang maruming damit at ikukuskos sa kanyang mga kili-kili at puwit.

Itong sabi mo’y kambing na nasiraan ng tiyan
Ibibigay sa iyo ang tae ng kalabaw!

Susugod si MAGNO. Iipitin ni ATOY at PRUDENCIO si CLARO upang hindi makagalaw, ihihilamos ni MAGNO ang hinubad na damit sa mukha ni CLARO. Makakawala si CLARO sa gitna ng tawanan; hahabulin naman ni MAGNO ang iba pang tauhan. Magpupulasan ng takbo ang KORO papalabas, habol-habol ni MAGNO na masayang ipinangtatakot ang mabaho niyang hinubad na damit.

YUGTO 1, Tagpo 4: UNANG SULAT

Papasok muli ang Tagapagsalaysay. Susunod na papasok si MAGNO.

TAGAPAGSALAYSAY: Humangos kami palabas ng barong-barong para makasagap ng sariwang hangin sa may gilid ng burol. Pero ipinagkanulo kami ng aming sikmura at naisumpa namin ang kapangitan ng ilang tao. Ganunpaman, natapos na rin. Muli na namang naging tao si Magno Rubio. Mayroon siyang isang Clarabelle. At umiibig siya sa kauna-unahang pagkakataon sa kaniyang buhay.

Mag-iilaw ang malaking kuwadro sa dakong kanan kung saan makikita si CLARABELLE, na waring larawang nabuhay mula sa magasin. Sa gitna naman, wari’y isinasalin ni NICK sa Tagalog ang mga sinasabi ni CLARABELLE

kay MAGNO na nakaupo naman at dilat na dilat ang matang nakikinig.

CLARABELLE: Magno, such a big name and so so strong
I long to be with you and hold you tight
When first love comes, to both of us belong
The rites of spring; the world's room all night
Will show us how we touch each other's soul
The world's room so soft and warm, invites
Our arms and legs to intertwine and roll
Each other up in whiteout sand and nights
Of gritty bliss; we'll kiss our rearing heads
And scale the mountains, plumb the river pools
Sniff the forests, lie upon our beds
Of leaves and moss, and trace each others jewels
Smoke our makanudos like fools
Polish our makamundo tools
Break all the El Dorado rules
Como Todos los Santos ghouls
And join each other—bulbul to bulbul
Makanudo makamundo lalo
Makamundo makanudo lalo

Mahihimasmasan si MAGNO at inspiradong babaling kay NICK.

MAGNO: Maaari mo na ba akong igawa ng sulat ngayon, Nick?
Siguro puede mong gamitan mga ilang salitang pangmakata?

NICK: Aba siyempre, Magno. Ganito halimbawa,
“Why so pale and wan, fond lover...”

MAGNO: Magandang pakinggan yan, Nick, talagang misteryoso, para bang hindi ko maintindihan ang ibig sabihin. . . pero ang ganda, parang si Clarabelle. Kailangan natin ng diksyunaryo. . .

Magmamadali si MAGNO na kumuha ng lapis at papel at ng isang malaking diksiyonaryo.

NICK: Hindi na natin kakailanganin ang diksiyonaryo.

MAGNO: Kailangan ng mas maraming malalim na salita.

NICK: Akala ko ba ayaw mo ng malalalim na salita.

MAGNO: Mas maganda kung mas maraming salitang malalim.

Sasabihin ni MAGNO ang katagang “Ikaw” ng tatlong beses (susundan naman ni Nick ng “You”). Walang ibang salitang pumapasok sa isip ni MAGNO.

Sa wakas, ilang hirap na kataga ang namutawi sa labi ni MAGNO sa tulong ni NICK (huling berso ng awit). Isinasaling-wika ni NICK habang nagsasalita si MAGNO.

MAGNO:

Ikaw ang ligaya sa buhay

Sa piling mo’y walang kamatayan

Puso ko’y nangumpisal

Sa Birheng Dalanginan

Na ang pangarap ko’y

NICK:

You are the joy in life

In your arms there is no death

My heart has confessed

To the Blessed Virgin

That my dream is

MAGNO: Ikaw . . .

Ang awiting “Ikaw” ay mabubuo mula sa sulat. Habang sumusulat si NICK, isinasayaw ni MAGNO ang isang silya na kunwari’y si CLARABELLE.

IKAW (Mike Velarde)

CLARO: Ikaw ang aking panaginip

Ikaw ang tibok ng dibdib

Pusong umiibig

Dinggi't umaawit
Tinataghoy ay pag-ibig

CLARO:

Ikaw ang ligaya sa buhay
Sa piling mo'y walang kamatayan
Puso ko'y nangumpisal
Sa Birheng Dalanginan
Na ang pangarap ko'y ikaw

ATOY:

Ikaw ang ligaya sa buhay
Walang kamatayan
Ay nangumpisal
Dalanginan
Pangarap ko'y ikaw

CLARO/ATOY/PRUDENCIO:

Ikaw ang ligaya sa buhay
Sa piling mo'y walang kamatayan
Puso ko'y nangumpisal
Sa Birheng Dalanginan
Na ang pangarap ko'y ikaw

Pagkatapos ng awitin, lalabas ang KORO at haharapin muli ni NICK ang mga manonood.

YUGTO 1, Tagpo 5: FOREMAN PEÑA

TAGAPAGSALAYSAY: Nasa kalagitnaan na noon ng tagsibol at namimitas kami ng garbanzos sa burol na malapit sa barong-barong namin. Magkatabi kami ni Magno Rubio na nagtatrabaho nang nakasaklang sa magkatabing hilerang pananim na nagsisimula sa matarik na gilid ng burol at nagtatapos sa mabatong talampas—kung saan ang mga kambing at tupa ay pinakawalan ng mga magbubukid upang gamasin ang masukal na damo. Pataas at pababa ng burol, para kaming mga kayumangging salagubang na patuloy sa paggawa nang paggapang at paluhod.

Isa-isang papasok ang KORO, dala-dala ang mga kagamitang pambukid.

ATOY: Hayun si Foreman Peña, ating paglaruan
Magkunwari tayo, magsakit-sakitan

PRUDENCIO: Atoy na instigador, wala kang kadala-dala
Pag di ka nag-ingat, mata mo lang ang walang tama!

ATOY: Aba naman, Manong, nahan na ang iyong tapang?

PRUDENCIO: Mabibilang sa likod ko, mga pilat ng batang hangal.

NICK: Si Foreman Peña? Siya na ang pinakamagaling sa mga
pinakamasama.

Tatayo ng magkakalayo sa posisyon ng paggawa ang KORO.

ATOY: Sige—Hooo! (Paluhod silang hahataw ng trabaho)

NICK: Minsan, isang hapon,
Biglang-bigla, mga maitim na ulap ang nagpadilim sa langit,
At bumuhos ang bagyo.
Di kami tuminag sa pagkakatayo.
Bumubugso ang ulan,
At kami'y pumipitas ng ubas

CLARO: May quota na dapat abutin!
Nakatayo ang foreman, nagmamalaki
Samantalang kami,
Naka-ponchong panangga lang,
Pero basang-basa at nalulunod

ATOY: Kapit sa balat ang damit,
Parang sanggol na nakatiklop,
Kumikislot—

CLARO/ATOY: Kailangang magpatuyo!

PRUDENCIO: Naghahanap ng paraan upang lamig ay malabanan
Kumanta! Tumula! Sumigaw! O, kay Peña manawagan—

PRUDENCIO/ATOY/CLARO:
Hoy, mamang foreman
Bakit hindi mo kami samahan,
Lumusong ka sa putikan

CLARO: Kung kakayanin, maaabot ang quota,
NICK: Kaya ikaw, mamang foreman, magpugay ka
ATOY: Sa bagyo,
MAGNO: sa ulan na anong lakas,
LAHAT: At sa mga buto naming ngayo’y nalalansag
PRUDENCIO: Konting tulong lang sa pagkayod, hiling ng iyong taga-sunod
Kung susuporta sa pag-gaod, ano ba naman yung yumukod

Biglang titindig si ATOY at hindi iintindihin ang pagpigil ng mga kasama.

ATOY: Kalimutan nang ikaw ang boss
Dahil kami naman ang mananaig
Pagkatapos ng kidlat at kulog,
Tatamaan ka ng lintik.

Kasabay ang tunog ng hagupit, biglang mapapaluhod si ATOY na namimilipit sa sakit.

ATOY: Salamat, Ginoong Foreman
Labis naming kasiyahan
na ang amo mo—at ikaw,
Ay lubos naming mapagsilbihan.

Hindi tumitinag na magsasalita ng pabulong ang nagngingitngit na pangkat.

MAGNO: Pare-pareho tayong pango, pero di tayo magkababayan
PRUDENCIO/NICK/MAGNO: Ilong mo kasi ay nasarat sa tumbong ng mga dayuhan.

Galit na tatayo si CLARO.

CLARO: Subsob na, Ginoo! Nakatuwad na ang kalaban!!!

Pipigilan ni PRUDENCIO si CLARO,

PRUDENCIO: Claro! Umupo na't magpitas—Huwag sayangin ang lakas!

Itutuloy ng pangkat ang indayog ng maingay na pagpitas hanggang sa pataas at palakas nitong pagtatapos.

YUGTO 1, Tagpo 6: BALAK MAGPAKASAL

Magliliwanang ang entablado. Unti-unti, isa-isang tatayo ang KORO.

NICK: At biglang-bigla, humupa ang bagyo at nawala ang kulimlim. Ang foreman na nagpapakita sa amin ng matarik at matinik na daan patungong kalangitan ay nagbalik sa kaniyang pagkakatayo. At ang maagang tag-araw ay pumuno sa aming ulo ng samyo ng mga makukulay na bulaklak—at ng hanging kay dalisay na halos ay hayaan namin ang aming sarili na mamangha nang walang takot.

Hihiwalay si ATOY, susunod si PRUDENCIO na waring umaalalay.

ATOY: Nang iwan ko ang mayamang hangin ng kabundukan, halos hindi pa ako nabubuhay sa mundo. Dumating ako dito nang wala pang labing-siyam. Heto ngayon at papalapit na ako nang kay bilis sa napakatandang edad na dalawampu't lima. Ano ang ginagawa ko dito?

Mapapansin ni ATOY ang mga paru-paro. Susundan ng paningin.

Itong mga paru-paro, Prudencio, kay gaan at kay bagal ng kanilang ganda. . . Halos pinag-iisip ako na tama lang ang pag-alis ako.

Huhugot ng buntong-hininga, ngingiti, pagkatapos ay tatawagin ni ATOY si MAGNO.

Magno, Magno. . . tignan mo. . . mga paru-paro!

Lalapit si MAGNO na maaaliw sa nakikita. Iiling-iling si PRUDENCIO at nakangiting lalayo sa dalawang isip-bata. Maya-maya, susunod si ATOY kay PRUDENCIO. Magsisilindro si CLARO ng ilang sandali. Hahanap ng mapapahingahan ang KORO.

Lalapit si NICK kay MAGNO.

NICK: Pssst. . . Magno! Ano'ng mga balak mo para kay Clarabelle?

MAGNO: Gusto ko siyang pakasalan, Nick.

Sandaling titimbangin ni NICK ang bigat ng desisyon ni MAGNO.

NICK: Gusto mo bang sabihin iyan sa susunod mong sulat?

MAGNO: Iyan na nga ang pinaplano kong sabihin sa iyo.

NICK: Dapat mong gawin, magtapat ka na at hingin mo ang kamay niya.

Gaano kalaki na ba ang nagagasta mo para sa kaniya?

Magsisimulang magbilang si MAGNO RUBIO.

MAGNO: $1 + 1 = 5. . .$

NICK: Magno, magkano humigit-kumulang?

MAGNO: Iyong singsing, sitenta y singko. Iyong relo, otsenta. Isang pares ng sapatos na gamusa, ilang bestida, diamanteng pulseras.

Sobra sa tri handred dalars!

NICK: Malaking pera na 'yon, Magno.

MAGNO: Sulit lang 'yon, Nick. Ang kailangang ko lang gawin—mas magsipag pa sa trabaho.

NICK: Mas magsipag pa?

Pupurbahang ipaliwanang ni MAGNO ang dami ng ani sa dami ng sulat.

MAGNO: Sa bawat gisantes na aking mapitas,
May 'sang kusing akong matatanggap
Sa bawat kusing na aking maitatabi
May pandagdag sa salitang mabibili
Sa dalawampung mais na mabalatan,
May isang sentimo sa aking kamay
Sa limampung ulo ng litsugas
May pambili ng "With love I burn!"
Sa isang bungkos ng ubas
Pabulong na "I miss you" ang katumbas
At sa isang daang asparagus
Parang umaalon at humihimas
Ang "Love you, love, love you, love."
Kailangan 'maga't-hapon trabaho'y gawing sagsag
Araw-araw uulitin: kailangan kong mas magsipag

Parang mga mapanuksong ahas, papasok ang KORO upang tudyuin ang romantikong si MAGNO.

PRUDENCIO/ATOY/CLARO:

Salita, salita, mga salita,

CLARO: Ngayon, eto ang problema

Baliw na tsonggong nagnanasa,

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Salita, salita, mga salita,

ATOY: Mas maraming gulay,

Rubio, mas maraming prutas

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Prutas, prutas, prutas,

PRUDENCIO: Mas malaki ang ani

Mas mapapadali araw ng inyong pagkikita

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Pa-ta-tas,

CLARO: Ngayon, heto ang diskarte, sa kaniya ay ibulong

Siya lamang ang iyong giliw

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Salita, salita, mga salita,

ATOY: Matatag na ang iyong sundang,

Pagbutihin ang paggapang

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Prutas, prutas, mga prutas,

PRUDENCIO: Handa nang pitasin,

Ayun at nakahilata, sige, namnamin

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Trabaho, salita, trabaho,

CLARO: Naaaliw siya sa iyong litanya

Tsonggong baliw sa pagnanasa

PRUDENCIO/ATOY/CLARO: Salita, salita, mga salita,

ATOY: Kailangan niyang madama ang init

Ng mga salita mong gumuguhit, kahit paulit-ulit. . . ulit

Wari'y pinalalakas ang loob, uulitin ni MAGNO ang litanya ng gulay nang pabilis nang pabilis.

MAGNO: Sa bawat gisantes na aking mapitas,

May 'sang kusing akong matatanggap

Sa bawat kusing na aking maitatabi

May pandagdag sa salitang mabibili

Sa dalawampung mais na mabalatan,

May isang sentimo sa aking kamay

Sa limampung ulo ng litsugas

May pambili ng "With love I burn!"

Sa isang bungkos ng ubas

Pabulong na "I miss you" ang katumbas

At sa isang daang asparagus
Parang umaalon at humihimas
Ang “Love you, love, love you, love.”
Kailangan ‘maga’t-hapon trabaho’y gawing sagsag

Araw-araw uulitin: kailangan kong mas magsipag
Tinitiyak, sinisiguro, siniseryoso ang trabaho
Magsipag sa paggawa, para dumami ang salita
Bawa’t gawa ay salita at ang salita ay paggawa
Na sulit na sulit na sulit!

NICK: Paano kung magbago ang isip ni Clarabelle pagdating niya sa California?

Muling sisingit ang KORO upang manukso.

ATOY: Mayroon bang panandaliang kisap ng pag-aalinlangan
Sa mala-tsonggo mong pagmumukha?

PRUDENCIO: Iyan ba ang kutob ng iyong nagbabantang pusong
humihyaw upang bagal-bagalan ang iyong mga hakbang?

MAGNO: Sa palagay ko hindi iyon magagawa ni Clarabelle. Mabuti
siyang babae.

CLARO: Ligaw tingin kantot hangin (*Natatawang lalakad palabas ng
entablado ang KORO.*)

NICK: Sana nga ay tama ka.

MAGNO: May tiwala ako sa kaniya.

YUGTO 2, Tagpo 1: ANG PAGTANGGAP

Ibabaling ni NICK ang kaniyang paningin sa mga manonood.

TAGAPAGSALAYSAY: Kaya dalawang taon mula nang unang makipag-sulatan si Magno sa multong ito, itong babaeng halimaw na bumubuga ng apoy, ang dambuhalang hindi maabot-abot maging ng aming humihiyaw na guni-guni, sinulat ko ang liham na nag-aalok ng kasal. At ano'ng laki ng aming gulat nang agad-agad siyang sumagot.

Lilitaw muli si CLARABELLE sa kuwadro sa dakong kanan ng entablado, panibago ang anyo niya.

CLARABELLE: I accept your sweet proposal
it's so thrilling reading through it
I accept your sweet proposal
and I'm willing now to do it
But there are just some small details
I really must attend to
I've got to buy some Fall retails
my family I must tend to
My mom you see is not so well
she's getting on in years
I fear that she won't last 'til Spring
she's causing me such tears
If only I could stay here now
it sure would help me out
Of course, it takes some cash to treat her
and her painful gout
My little sisters brothers, six,
all them are under ten

They're just the nicest cutest things
the youngest is named Ben
Poor Ben he has this problem now
he won't eat any meat
Unless it's steak tartare from cows
with gold around their teats
Tomorrow tomorrow
tomorrow please Western Union me
My daddy most of all is pleased
and anxious for us two
To be so joined in Holy Mat -
rimony, that's the glue
That sticks me to you you to me
until death do us part
In meantime Daddy has such bills
they mangled up his heart
Tomorrow tomorrow
tomorrow please Western Union me
Back to your sweet proposal, dear,
I have it with me now
My heart is with you now and then
I'm there ASAP
I think of you much every day
you say you to me bow
So, darling, handsome Magno love
express your dough to me
Tomorrow tomorrow
tomorrow you Western Union me

Tangan ang kaniyang mga yantok, tatayo si MAGNO na nag-iisip ng malalim.

MAGNO: Kawawang babae. Kailangan pa niya ng mas maraming pera.
Yung kaniyang mga kapatid
Na walang hihigit sa gulang na sampu,
Kailangan pa ng mas maraming gatas,
Mas maraming baka,
Mas maraming ginto,
Mas maraming utong.
Magtatrabaho ako na parang kalabaw,
At mabubuhay na parang aso.
Tapos na ang panahon ng pag-aani ng gisantes,
Umpisahan na ang mga celery at ang mga carrots—
Ngayon din

(Maguumpisa ang ritwal ng pasayaw na pagtatanim.)

Gooo-lay
Gooo-lay
Gooo-lay
Lay-lay
Magno kang puti-kan
Sa Ingles ay Muddy Man.
Baon ka sa lupa,
'Nak ng tupa,
Sahod mo'y lantang letsugas
Sige na
Sige pa
Do nat stop
Magno ka.
Isa, dalawa, tatlong kaban na asparagus lang ang laman
Apat lima anim, pito, da bro-koli is pang-walo.
Segadilyas, mustasa, ang strawberry's labing-lima
Sapol da apple, one pahabol,
Timbang kulang, dat is da tro-bol.

Goo-lay, goo-lay,
Goo-goo kang matibay
Pitas-pitas da prutas, working-working like a Hudas
Todo-todo, parang toro, do nat stop till inodoro.
Sige na
Sige pa.
Masuwete na ang may tinga.
Tatlo, Lima, Pitong taong nagpatong-patong na talong
Singlaki ng singkamas, pag-ibig kong tumitigas
Kas-kas, Kas-kas
Kamay lamang ang panglunas
Pas-Pas Pas-Pas
You make paster da pagpitas

One Sibuyas, Two Letsugas,
Four 'gadilyas, Six Mansanas,
Three Mustasa, Eight Patata
After dat, 'sa pang pasada

Two Kamatis, plus da Bawang
Add da Sitaw, still it's kulang
Pick the Upo, dig the Gabi,
Di pa kasyang pamasaha
Paulit-ulit, 'til masulit

Papasok ang KORO, dala ang mga piraso ng yantok.

Habol ko ay sampung guhit

LAHAT: Sige na
Sige pa
Do nat stop
Magno ka

Sasabay ang KORO ng pagbikas ng mga unang kataga ni MAGNO

MAGNO: *One sibuyas, Two lechugas,
Four ‘gadilyas, Six mansanas
Three mustas, eight patata
Sige lang ang pag-ratsada
Sige lang ang kalabasa
Sige pa, some more mustasa*

*Sige na, ‘sa pang pasada,
Sugod gid, por your pag-asa
Sulong man, por your dalaga
Sige lang ang pag-ratsada
Sige lang ang kalabasa
Sige pa, more mustasa
Sugod gid, por your pag-asa
Sulong man, por your dalaga*

KORO: *Sige Magno
Sige Magno
Sige Magno
Sige Magno*

CLARO: *SUGOD!!!!*

Parang ipo-ipong kikilos si MAGNO, nagtatanim, naghahawan, nagpuputol, namimitas, nagtatabi, nag-iipon, naghuhukay, nag-aararo, nagpupunla—Parang baliw na buong sipag at walang humpay. Hanggang pahiyaw na tumigil upang tawagin ang pangalan ng sinisinta

MAGNO: *CLARABELLE!*

CLARABELLE/NICK: *Will you wait? /Maghihintay ka ba?*

MAGNO: *Maghihintay ako.*

Parang nakatulos na kandila, hindi gagalaw sa kanyang pagkakatayo ang lubos na umaasang si MAGNO RUBIO.

NICK: Anong katangian ng kaluluwa ang bumubuhay sa isang nilalang
Upang magkaroon ng ganitong uri ng pananalig sa isang
sinisintang hindi pa nasisilayan?
Mahirap unawain kung ano kaya ang posibleng iniisip niya?
Maaari kaya siyang kumapit sa ganitong uri ng pag-asa
Samantalang ang lahat ng nakapaligid
Sa kanya'y nais ipaalam at tahasang nagpapatalastas na nasiraan
na siya ng bait?
Kung siya na—taliwas sa lahat ng katwiran at pananalig—ay
dapat na sanang sumuko, tulad ng ibang
Di makahanap ng ginhawa sa kahit anong bagay,
Na walang kinaaliwan maliban na lamang doon sa dumadaiti
sa kanila at kanila ring nasasalat. . .
Hindi ba siya maaaring masaling,
Itong kahabaghabag na kambing
Na waring ang tanging halaga
Ay ang paggawa—pagpitas, pagsalansan, pagbuhat!
Diyos na mahabagin!

O, maari kayang siya, si Magno Rubio, ay may higit na
nababatid kaysa sa atin?
At dapat kayang hayaan din nating makaalpas ang ating mga
sarili—at nang kaparis niya, tayo ri'y maging malaya?

MAGNO: Maghihintay ako!

Hahangos papalabas si MAGNO. Maririnig ang silbato ng tren.

YUGTO 2, Tagpo 2: DUMARAAN ANG PANAHOON

Isa-isang papasok ang KORO.

NICK: Dumaraan ang panahon ng taglagas, kasunod ang taglamig, tagsibol, at tag-araw. Sinusundan namin ang mga prutas, at kami naman ay sinusundan ng mga gulay.

PRUDENCIO: Mula San Jose hanggang Salinas

ATOY: Mula Napa hanggang Modesto

MAGNO: Mula kahel hanggang ubas

CLARO: Mula artichokes hanggang caulifower

PRUDENCIO: Mula sa mansanas ng Idaho hanggang sa patatas ng Washington ...

O, napagbaligtad ko ba?

NICK: Ang mga dulo ang tumutulak sa aming mga gitna

At palagi na lang, bumabalik kami sa barong-barong na ito

PRUDENCIO: Halos magyelo na ang mga kamatis dahil parating na ang taglamig.

ATOY: Doon sa atin sa Pilipinas,

LAHAT: Pilipinas,

ATOY: Walang maaring magyelo sa lamig.

CLARO: Laging tumatanggap ng mga sulat si Prudencio mula sa Luzon. Binabasa niya ang mga ito nang malakas at pinupukaw kami ng mga alaala.

NICK: Mayroon kaming sákit mula sa aming kahapon, para sa aming kahapon

MAGNO: May salmon na darating sa pamamagitan ng koreo,
Na walang nakasulat na tirahan o direksyon na pinanggalingan,
Ang nakamarka lang sa sobre: Juneau

CLARO: At alam na naming galing ito kay Toto na nagtatrabaho sa mga cannery ng Alaska.

NICK: At sa susunod na buwan, o sa susunod pa

PRUDENCIO: Iba naman ang ipapadala ni Turing,

MAGNO: Kung saan man siya naroon.

NICK: Kung nasaan man sila.

Kulang ng mga manlalaro ng poker ng mga magsisipusta
Hanggang hindi pa dumarating ang bagong pangkat,
Na sariwa pa, at halos mayroon pang pag-asa

(Me sisipol o magsisilindro ng Silent Night)

PRUDENCIO: Maligayang Pasko!

Damang-dama ang alaala ng Pasko sa Pilipinas, bawa't miyembro ng KORO ay hahanap ng kaniya-kaniyang sulok upang magmuni-muni. Sa isang sulok, haharap si MAGNO sa salamin at maglalagay ng langis sa buhok.

NICK: Heto kami ngayon, malapit nang mag-Pasko at walang magawa.
Napag-isipan ni Magno na lagyan ng langis ang kaniyang buhok.

CLARO: Naglalagay ng langis sa buhok si Magno!

Nagkakatuwaang papaligiran ng KORO si MAGNO

LAHAT: Hephep hooray!

Hephep hooray!

Mabuhay!

Mabuhay tayong lahat!

ATOY: Nilalangisan ni Magno ang kaniyang buhok.

CLARO: Walang kadudaduda sa pinaka-engrandeng baile ang punta.

PRUDENCIO: De kalidad ang pagkain, primera klase ang inumin,
At mga dalagang kasayaw, mga herederang mahinhin!

ATOY: Tatalon siya ng mataas

Kaniyang buhok ay iwawasiwas

Lalangisan, buong lambing—Bawa't hibla, isa-isa,

Ano ba naman kung may makitang isang lisa o dalawa?

Ano ba naman ang isang kuto sa magkaibigan?

O isang surot, o garapata, o kulisap na gumagapang,

CLARO: Kapag walang hanggan ang pag-ibig, pare-pareho lang
MAGNO: Ngayong gabi, malalaman ng aking Clarabelle na ako ay
malinis!
Busilak ang aking kaluluwa, buhok ko'y kumikislap
Magaan ang puso ko, at ang isip kay liwanag.
LAHAT: Aba, aba, aba ... Ano itong nasisilip!
NICK: Pantalón mo'y naninikip
LAHAT: Aba, aba, aba. . .Ano itong namamalas!
ATOY: Sa labi napapakagat!
MAGNO: Itigil ang pambubwisit, baka ako masagad
Kapag ibinuhos ko ang inipong lakas at galit
Pulga-pulgada akong tatangkad.
Baka ako mabigla, and you ... I'll smite!
ATOY: Smite?
MAGNO: Smote, smitten!

Magugulat at magtatawanan ang pangkat.

PRUDENCIO: Uy! . . . nagbabasa ng diksiyonaryo.
MAGNO: Hindi ako marunong magbasa!
ATOY: Natutulog nang nasa ilalim ng unan ang diksiyonaryo.
MAGNO: Hindi ako makatulog—rumaragasa at umiikot sa tenga ko ang
mga salita —Ay don anderstan
Hindi ko po maintindihan.

Medyo taranta, ilalayo ni MAGNO si NICK

Tulungan mo ako, Nick. Huwag kang tumigil sa pagsulat ng
mga liham ko.

NICK: O.K., Magno, O.K.
MAGNO: Nagkabangungot ako. Tumigil ka na raw. Eh, ano na lang ang
iisipin ng aking si Clarabelle?

NICK: Hayaan mo, susulat pa ako ng marami, Magno. Para sa Pasko. Ano na nga bang ibibigay mo kay Clarabelle sa Pasko, Magno?

MAGNO: Bibigyan ko siya ng radyo. Kumbinasyong radyo-phonographo ang regalo ko. Halos dalawang daang dolyares ang ibinayad ko.

Hahagapak ang nakaiinsultong tawa ni CLARO.

MAGNO: Makinig ka, hampas-lupa. Anong tinatawa-tawa mo?
Nakuha ko na si Clarabelle.

Lalapitan ni CLARO si MAGNO

CLARO: Si Clarabelle? Ulol! Ibig mong sabihin sa akin, iibig ang isang babaeng katulad ni Clarabelle sa isang buritong kagaya mo?

MAGNO: Ano bang diperensiya ko?

CLARO: (Gagayahin) Ano bang diperensiya ko?
Hindi mo ba alam, Ginoong Pesante?

MAGNO: Pesante ka rin.

CLARO: Aba, pesanteng may pinag-aralan.

PRUDENCIO/ATOY: Grade Two!

CLARO: O nakita mo—pesanteng unggoy na mukhang aso!

MAGNO: Wala akong pakialam kung ano ang sabihin mo. Basta, mahal ako ni Clarabelle.

CLARO: Patunayan mo, magsasakang kumakain ng aso!

Ibababa ni PRUDENCIO ang isang silya upang maging patungan ng ebidensiya. Maglalabas ng isang larawang may pirma si MAGNO mula sa kaniyang pitaka.

MAGNO: Narito ang isang tunay na katibayan!

NICK: Ipakita mo sa kanila.

PRUDENCIO: Piktyur!!

—I love you, Clarabelle!

KORO: (Masaya) Oh!

CLARO: Bakit, akala mo ikaw lang ang lalaking binigyan ni Clarabelle ng piktyur na may otograp?

Maglalabas din si CLARO ng isang retrato mula sa kaniyang pitaka.

KORO: (Malungkot) Oh!

MAGNO: Wala yan! Walang pinatutunayan yan!!! Pero eto ang tiyak na patunay na walang halong duda! O!

Maglalabas si MAGNO ng isang maliit na bungkos ng buhok.

NICK: Uy! Goldilocks!

ATOY: Bango!

PRUDENCIO: Sarap!

MAGNO: Mula sa sarili niyang tuktok!

KORO: (Tuwang-tuwa) Oh!

CLARO: Walang kuwenta... tutsang lang yan!!! Narito ang pruwembang hinding-hindi mo puwedeng pantayan. O, manigas ka sa inggit!

Maglalabas din si CLARO ng isang munting bungkos ng buhok.

PRUDENCIO: Blond.

ATOY: Kulot. (Parang me naamoy, ipapasa kay NICK na marahan namang ilalapit ang buhok sa ilong niya)

CLARO: At 'yan, garantisado, hindi 'yan nanggaling sa ulo niya.

Mabibitawan ni NICK ang buhok at mapapatingin sila kay MAGNO na galit na galit at parang torong naghahandang sumugod

LAHAT: Biglang lumubog ang ulong ni Magno sa kaniyang katawang-pagong!

ATOY: Kuminang ang mga matang isda.
PRUDENCIO: Bumukadkad ang sarat na ilong.
NICK: Suminghal ang pangit na bunganga.
LAHAT: Bumaluktot at umigpaw ang dalawang binting-bakulaw!

Bigla na lang magpapambabag sila MAGNO at CLARO na parang pelikulang mabagal o slow motion. Pilit silang pinaghihiwalay nila NICK, hanggang sa maglabas ng balisong si MAGNO at manghabol ng saksak—magtatakbuhan palabas ang lahat.

Naiwang mag-isa, umiiyak na pinulot ni MAGNO ang mga nagsabog na pada-la ni CLARABELLE. Makalipas ang ilang sandali, papasok si PRUDENCIO. Iiumang ni MAGNO ang balisong. Maingat na mauupo si PRUDENCIO nang malapit kay MAGNO, waring natatawa't nagbibiro. O nagpapatahan.

PRUDENCIO: Bakit ka umiiyak, Totoy?

Bakit ganiyan ang mukha mong para kang nasisiraan ng loob?

Gaano katagal ka na ba sa ganito?

Ang ganitong buhay na nagpapatanda sa ating lahat ng walang-humpay

Ano nga ba ito, kung wala tayong trabaho?

Ano nga ba ito, maski na ba mayroon?

Ang iluha mo—kung anuman yung pumipigil sa atin dito para maglaro ng baraha na punit at lukot. . .

Ang likod ko—nakabaluktot. . .at walang saplot.

May kasamang apat o lima pang manong na kagaya ko.

At palaging may isang nasa isang tabi,

Nagsosolitaryo,

O di kaya'y tumitipa ng lumang gitara na may baling kuwerdas.

Itong mga lambi ng tandang sa aking leeg—nanginginig sa galit,

Parang isang asong may nakapasak na lumang sapatos sa kaniyang umaalingasaw na bunganga.

Tahimik na hihingin ni PRUDENCIO ang balisong mula kay MAGNO. Ibibigay naman ng huli. Mas mabigat ang pagbibitiw ng salita ni PRUDENCIO ngayon.

Bakit ka lumuluha na parang munting paslit?
Bakit lukot-lukot ang mukha mong tumatangis?
Gaano katagal ka na ba sa ganito?
Sa ganitong buhay kung saan
di tayo makaka-alpas habang di lipas ang kabataan
Ma'no nga ba kung wala tayong trabaho
Ma'no nga ba kung palagi tayong kayod-kabayo.
Iluha mo ang pagtawid natin sa malayong dagat
Noong umaasa pa tayo na ang bayang ito ay magbubukas ng
mga bisig—at maluwa na tatanggap sa atin.
Oo, naman. Nagbukas ang mga bisig—yumakap,
at lumingkis ng mahigpit .
Parang sawa
Da United Snakes op Amerika

Tatayo si PRUDENCIO, marahang itutulak ng paa niya ang balisong kay MAGNO.

Munting paslit, sige lang, lumuha ka.

Papasok ang KORO na nakatitig kay MAGNO. Titigil sa paglakad si PRUDENCIO at lilingunin si MAGNO.

NICK/ATOY/CLARO: *(Nakikiramay, halos pabulong)*

Magno Rubio, Filipino boy
Magno Rubio, Fili-Pinoy
Magno Rubio, por pit six intses tol,
Kung sa kaniya nauukol, tiyak bubukol:
Kahit na maliit at di nakakahirin
Wala ring malaki na nakakapuwing!

*Marahang lalakad papalabas ang KORO at si PRUDENCIO.
Papasok ang Tagapagsalaysay.*

YUGTO 2, Tagpo 3: AKO AY PILIPINO

NICK/TAGAPAGSALAYSAY: Nag-eempake kami noon ng mga letsugas sa lilim ng puno.

Mayo na naman at maganda ang ani. Tatlong taon na at apat na buwan mula nang unang sulatan ni Magno ang dilag.

NICK: May balita ka ba mula kay Clarabelle, Magno?

MAGNO: Oo. Wala po. . . Ayoko na.

Wala nang mangyayari, Nick. Ginulo nang lahat ni Claro.

NICK: Patingin ng sulat.

Aabutan siya ng sulat ni Magno.

At isa pa.

At isa pa,

At isa pa.

Sampung lahat.

NICK: Nakasampung sulat na si Clarabelle at ni wala ka man lang binabanggit sa akin?

MAGNO: Natakot kasi ako, eh.

NICK: Huwag kang matakot, Magno. Maaayos natin ito.

Sisimulang basahin ni Nick ang mga sulat at makikitang lalabas muli dakong kanan ng entablado si CLARABELLE. Iba na naman ang ayos.

CLARABELLE: Magno Rubio, Ruby for short

El Chico

How tall are you when you stand on your Jacksons?

Just kidding
Magno Ruby, you from the isle of Puerto Rico?
My San Juan Juan, you got a pencil-thin mustache,
that's the action.
JUST KIDDING!
What kind of name is Rubio? Not that I'm
Pre - Jew - Diced, you see
I believe in equal rights for you and especially me
Now you say you want to marry me, cherish and hold
But if I may be so bold—
The last time you wrote you said you'd send me
Simillions, a hundred or so,
I got a sweet tooth, my sweet, for Napoleons
Die - rect from France.
Not a chance.
I'm kidding!
You got to take me who I am, I'm such a joker
But where's the bread?
El pan and don't spare la mantequilla
I know some Spanyol, learned it playin' poker
With an hombre from Colombia, lookin' to fill my tortilla
But of course I wouldn't let him, I'm savin' myself for you
Now how's about those gold dubloons
and a piece of eight or two
You're my very own pirate with one eye and wooden leg
Magno Rubio Ruby, please don't make me beg
Don't you want my long legs wrapped around your gaucho?
My golden tresses streaming across your thighs
My orange melons bobbing above your eyes
I'll crack your back and twist your cojones—Ole Oucho
So send the bread and the butter too
I'm your cordero y cerdo—now Chew!

Susungaw ang ulo ni PRUDENCIO at ATOY mula sa kadiliman

PRUDENCIO/ATOY: Siya ang iyong kambing at pulutan—ngayon, ngatngatin mo!

Maglalaho ang dalawa sa dilim

NICK: Ewan ko ba, Magno, parang hindi tama ang dating ng mga sinasabi niya. Kung magsalita si Clarabelle, parang hindi siya mabait.

Mabuti pa yata, sabihin mo sa kaniya kung saan ka talaga nanggaling.

MAGNO: Kung saan ako nanggaling?

NICK: Akala niya yata galing ka sa Southern Hemisphere o dakong timog ng hating-daigdig. Na ang ibig sabihin lang naman, akala niya galing ka kahit saang lugar maliban sa dito.

Kailangang sabihin mo muna sa kanya yung

HINDI mo pinaggalingan.

Pagkatapos nun siguro—siguro lang, ha?—baka magpunta na siya rito

*Sa isang bagsak ng gitara, tatakbong papasok ang KORO. Aawit sila ng:
—You're Not From...*

PRUDENCIO: You're not from—

Trinidad Tobago y El San Salvador

St. Lucia, las Malvinas; Quito, Ecuador

St. Vincent, Martinique, Bolivia, and Paraguay

Colombia, Puerto Rico, y Venezway

KORO: (Repeated: “Ay ya ya ya ya”)

Panama y Nicaragua, Dutch Guyana, Surinayme

Costa Rica, Mehico aren't all-the-same

Guatemala Hee-Span-Yola
Cuba, Chile all say 'Hola'
Hola!
Hola!
Hola!

ATOY: Port au Prince Tonton Macouting
CLARO: Montserrat volcanoes spewing
King's Jamaica limbo-doing
PRUDENCIO: St. Martin is looting shooting
KORO: (Repeated: "Ay ya ya ya ya")
Panama y Nicaragua, Dutch Guyana, Surinayme
Costa Rica, Mehico aren't all-the-same
Pero Clarabelle e blanca
no morada, no castana, no morena y no negra
Clarabelle... Clarabelle!

Matapos ang palakpakan, tatakbong papalabas sila ATOY, PRUDENCIO at NICK,

MAGNO: Putting-puti ang iyong kutis, ang buhok mo'y kulay mais
Busilak mo ang aking araw, wala nang iba kundi Ikaw!
CLARO: At ngayon, Magno Rubio, kailangang isalaysay mo
Sa Babaeng-Parang-Araw kung saan ka nagmula.
Ilaw!
PILIPINO, AKO PO'Y PILIPINO

(Awiting Pilipino. Nasa wikang Tagalog na may kasabay na salin.)

<i>From the east</i>	Sa May Bandang Silangan
<i>Not just anywhere</i>	Hindi lamang sa kung-saan
<i>Comes Muddy Magno</i>	And lupang pinanggalingan
	Ni Magnong Putikan

*He may be poor
His pocket light and full of holes
But in matters of romance
Heaven's the limit
Because no one can outdo the Filipino*

Not even Romeo, or say, Valentino

*He is so sweet
You can eat him for breakfast
And when night comes
He can explode like the Mayon and Taal*

Volcanoes—combined.

*Filipino, I am Filipino
My heart beats
Waiting for your invitation
Oh, Clara, my darling
All of this is yours
Open your window
To my Filipino cucumber.*

REPRISE: Drunken Chorus

*Filipino, I am Filipino
My heart beats
Waiting for your invitation
Oh, Clara, my darling
All of this is yours
Open your window
To my Filipino cucumber.*

Bagama't siya'y isang hamak
Bulsa'y butas at magaan
Sa pag-ibig at romansa'y
Langit lang ang hangganan
Pagkat wala nang hihigit
kanino man sa Pilipino
Maging si Romeo-yo man O
sabihin nang si Valentino
Matamis siyang magmahal
Puwedeng nang pang-almusal.
Pag-sapit ng gabi'y
Putok niya'y sinlakas ng
Mayon
At Taal

Pilipino, ako po'y Pilipino
Puso'y titibok-tibok
Nag-aasam, ng 'yong alok.
Ay, Clara, giliw ko.
Lahat nito'y para sa 'yo.
Buksan ang bintana mo
Sa Pilipinong Pipino ko. . .

Uulit: Lasing na KORO
Pilipino, ako po'y Pilipino
Puso'y titibok-tibok
Nag-aasam, ng 'yong alok.
Ay, Clara, giliw ko.
Lahat nito'y para sa 'yo.
Buksan ang bintana mo
Sa Pilipinong Pipino . . .

MAGNO: Tawa kayo ng tawa . . . lalo kayong tatawa pag nakita
ninyo ang pipino ko!

KORO: . . .Ko!

Nagtatawanang kukunin ng KORO ang kanilang mga silya upang maghandang matulog. Tuloy pa rin ang kantahan.

KORO:

Filipino, romantic, gentle	Pilipino, malambing, ma-cariño
He works hard during the day	Sa umaga ang kayod
He serves you well at night	Gabi nama'y naglilingkod
Oh blondie, my darling	Ay, blondie, darling ko
Let me have a taste of you	Patikim naman sa 'yo.
If you will be my mango	Kung ikaw ay mangga
I'll be your sugar cane.	Ako naman ang iyong tubo.

YUGTO 2, Tagpo 4: EL DORADO

Bago makatulog ang pangkat, ilalabas at babasahin ni PRUDENCIO ang isang lukot na sulat mula sa kaniyang asawa. Maririnig ang mahinang tugtog ng gitara na waring may nanghaharana sa malayo.

PRUDENCIO: Consuelo—

Kailan kaya kita muling makikita?
Halika, ngayon, kailangan ka ni Prudencio sa magdamag.
Dorada, ginintuan, walang kapintasan,
Ikaw at ikaw muli.
Ikaw ang ninanais, ikaw ang kailangan,
Minimithing liwanag.
Ang halimuyak mo, ang halimuyak mo . . .
ay parang munting paa ng sanggol,

Nasa tahanan ka,
Ikaw ang tahanan.
Mas higit pa ang aking paghahangad sa iyo ngayon.
Gusto kong nariyan ako,
kung nasaan ka,
Sa bahay, sa lansangan.
Consuelo, la Dorada, Ako'y para sa iyo
sa bawa't sandali.
Gusto ko nang umuwi.
Hindi pa ako puwedeng makabalik ngayon,
Napakarami ko pang utang.
Nagtatrabaho ako, nagluluto,
Nagpapasan ng mga sako sa balikat. . .
Hindi ko pa kayang makauwi,
Baon pa ako sa utang.
Dorada, tumalbog na parang bola,
Ayon sa kumpas.
Ikaw, Mahal,
Halimuyak mo'y parang munting paa ng sanggol.

Mapapalitan ang tugtog ng gitara ng ingay ng mga kuliglig at iba pang tunog sa gabi.

Papasok si CLARO. Makikitang may kinukuha siyang mga gamit, na maaaring hindi kaniya, mula sa mga natutulog. Kukunin niya ang balisong ni MAGNO. Gising pa rin si NICK at pipigilan nito si CLARO bago makaalis. Halos pabulong ang usapan ng dalawa.

NICK: Saan ka pupunta, Manong?

CLARO: Wala kang pakialam.

NICK: Ang magnanakaw lang sa hatinggabi ang...

Tatayo si NICK at lalapit kay CLARO

CLARO: Wala akong ninananakaw na kahit ano. Ang tiyo ko'y...

NICK: Ang tiyo mo? Huwag mo nang ipagpilitan iyan.
Saan ba ang punta mo, manong? Sa El Dorado?

CLARO: El Dorado!

NICK: Sasamahan kita. Matagalko nang gustong malaman kung nasaan ito. Akala ni Prudencio hindi ito totoo—na wala talagang lugar na ganoon, pero handa naman akong makumbinse na meron nga.

CLARO: Alam ko meron!

NICK: Dun sigurado ako!

CLARO: Sasama ka?

NICK: Bukas, siguro.

CLARO: Ay, Nick, wala kang mararating.

NICK: Siguro.

CLARO: Kilos, kailangang kumilos,
Walang langaw na dadapo kay Claro.
Iyan ang hindi naiintindihan ni Prudencio.
Si Prudencio lang.
Dapat kumilos, Nick.

NICK: Ang sabi nga nila, “there’s gold in them thar hills, pahdnah.”

CLARO: Nag-iisip ka, nagbabasa ka, at sa palagay mo tama na iyon?
Motion—loko! Motion!

Matutuwa si CLARO sa nilalarong salita..

Motion—locomotion! (*Matatawa ng bahagya*)

NICK: Loko—hibang, ulol, sira. Baliw ka, Claro.

Tututukan ni CLARO ng balisong si NICK.

CLARO: Tawagin mo uli ako ng baliw,
pag hindi dinukot ko ‘yang puso mo!
NICK: Tahimik lang, Claro. Baka magising mo ang lahat at mapipilitan
kang magpaliwanag kung bakit punong-puno iyang bag mo.
CLARO: Aalis ako mag-isa. Iyo na ang mababahong gamit na ito.

Itatapon ni CLARO sa sahig ang mga dala-dala, pati na ang balisong.

Dito ka na lang. Mabulok ka. Huwag kang tuminag.

Magsisimulang lumisan si CLARO.

NICK: Claro—

*Hihinto si CLARO. Lalapitan siya ni NICK at aabutan ng nakatagong pera.
Kakabigin ni NICK si CLARO sa walang-kibuang yakap ng pamamaalam.
Aalis si CLARO.*

YUGTO 2, Tagpo 5: HOY, GISING!

*Umaga. Nagsusulat si NICK ng mga tula. Magkakalampag si ATOY at isa-
isang magigising ang pangkat.*

ATOY: Hoy! Gising na! Gising na!!
MAGNO: Oy, college boy! Anong ginagawa mo, ha, Nick?
NICK: Nagbabasa, Magno.
MAGNO: Anong binabasa mo, isa sa mga tula mo?
NICK: Oo, isang tula.
MAGNO: Iba ang sumulat?
NICK: Iba.
MAGNO: Hindi ko maiintindihan.

NICK: Oo, maiintindihan mo naman.

MAGNO: Basahin mo nga.

Babasahin ni NICK.

NICK: Ang araw ay parang isang nanginginig na puso. Mag-isa sa daungan, nararamdaman ko ang pagsabog ng daigdig sa malalapad na mga bangin ng aking pag-iisip. . .
Masaya ako at nakita ko na ang lahat,
Pagka't darating ang mga araw na magkakasama tayong tatayo at ipaglalaban ang ating karapatang manindigan.
Sa aking palagay, mauunawaan nila
kung bakit dapat tayong tumindig nang balik at balik, Sa ating panahon.

MAGNO: Napakaganda!

NICK: Naunawaan mo ba?

MAGNO: Kaunti. Sapat. . . Oo.

NICK: Oo, kaibigan.

Papasok sina PRUDENCIO at ATOY at haharapin ang mga manonood.

ATOY: Gaano katagal niyang kailangang maghintay?

PRUDENCIO: Mukhang habang-buhay.

Palibasa, ang babaeng iyon ay hindi naman talagang totoo.

Si Magno—kami—kaming lahat ang lumikha sa babaeng iyon.

Iniakyat namin sa altar ng kagandahan

mula sa pahina ng isang makintab, mahalay,

at matabil na basurang papel.

Pero malapit na si Magnong magbayad sa tagapagbigay ng aliw.

ATOY: Inilapat na ni Clarabelle ang ahas sa kaniyang suso

At si Magno ang siya ngayong dadakma sa ulupong

PRUDENCIO: Ilalatag ni Clarabelle ang ahas sa dibdib ni Magno
at ngayo'y isusubsob at itatali ni Clarabelle
ang ulo ni Magno sa loob ng isang sako.

Tatalikod sina ATOY at PRUDENCIO at lalakad palabas ng entablado.

YUGTO 2, Tagpo 6: PARATING NA SIYA

- NICK: (may iwinawasiwas na sulat)
Magno! Parating na siya! Darating na si Clarabelle!
- MAGNO: Sinabi ba niya na darating siya para pakasal sa akin?
- NICK: Iyan ang sabi niya, Magno. Nakapag-ipon ka ba ng sapat na pera para sa biglaang pangangailangan tulad nito?
- MAGNO: Meron akong singkwenta dolyares.
- NICK: Hindi kasya 'yan.
- MAGNO: Pero ang akala ko—
- NICK: Hindi kayo maaaring magpakasal dito, Magno. Hindi kayo puwedeng magpakasal kahit saan sa buong estado ng California. At saka, kakailanganin mo ng hindi kukulangin sa dalawang daang dolyares para sa buong kasalan.
- MAGNO: Hindi ko alam na ganun pala kamahal aabutin ang magpakasal.
- NICK: Umpisa pa lang iyan.
- MAGNO: Nick, puwede mo ba 'kong pautangin?
- NICK: Magno, hindi ko kaya.
- MAGNO: Naiintindihan ko. Makikiusap na lang ako sa Foreman...
- NICK: Makikiusap ka na naman. Magno, magkano na lang ang kinikita mo sa isang araw, sa isang linggo, sa isang buwan?
- MAGNO: Sa isang taon. Sa maraming taon!
Si Claro kaya.
- NICK: May katuturan ba ang makiusap kay Claro?
- MAGNO: Sa palagay mo ba, sumulat si Clarabelle kay Claro?
- NICK: Hindi ko alam.
- MAGNO: Papatayin ko siya!

NICK: Alaska.

MAGNO: Alaska?

NICK: Umalis kagabi, sabi'y maghahanap ng ginto o tuna siguro, hindi kontentong mamalagi na kasama tayo dito, O kaya'y alam niya na ito'y luma nang kwento Ang hinihintay natin, hindi na magbabago. Sa isip kasi niya, sa ginto na huhukayin—titipak, titiba, Pero ginto lang ng hangal, o isda ang makikita Naligaw tayong tulad ni Cain, mga Migranteng lagalag, Makapapatay ng kapatid, na para bang walang habag. Dahil lang sa cauliflower kaya tayo nananatiling api Sumusunod tayo sa kumpas ng lupain, itinutulak ang sarili para suyurin ang baybay-dagat, masaganang ani ay habulin O sugurin ang nagyeyelong dagat, lahat kinakayang suungin Hindi para sa atin itong mundo—Hindi— kapag tayo'y parang sardinas lamang. At ito—ito'y bundok ng gisantes lamang At wala kang makikitang anumang ginintuan.

MAGNO: Ano ang sinasabi mo, Nick? Para kang... parang...

NICK: Parang ano, Magno?

MAGNO: Dapat masaya ka.

NICK: Dapat? Masaya? Oo, Magno, siguro nga dapat masaya ako. Para sa iyo, masaya ako. Bigla na lang, masaya ako.

MAGNO: Ay, mabuti na lang... Nick, ikaw ang ilaw ko, ang aking bukung-liwayway. Liwanag—bukung-liwayway Bukung-liwayway.

NICK: At si Clarabelle?

MAGNO: Siya rin, Nick. Kayong dalawa. Siya rin. Bukung-liwayway.

Masayang tatakbong papalabas ng entablado si MAGNO.

YUGTO 2, Tagpo 7: NAGKAKARGA KAMI

Haharapin ni NICK ang mga manonood.

NICK: Nagkakarga kami ng mga kahon ng letsugas sa trak nang may dumating na telegrama para kay Magno Rubio. Galing kay Clarabelle. Nabago raw ang plano niya at mapapaaga ang kanyang pagdating. May apat na oras lamang si Magno para maghanda; at mayroon din kaming lima pang trak na dapat kargahan ng gulay. Natigilan sandali si Magno. Maya-maya, pinaghahagis niya ang mga napunong kahon sa trak, na para bang dalawang taong nagtatrabaho.

Nagmamadali kaming bumalik sa kampo, naligo, hiniram ang pick-up mula sa foreman, at humangos papuntang kabayanan. Agad ko siyang nakita. Siya ang babaeng nasa larawan ni Claro.

Papasok si CLARABELLE, hindi siya kasing-rikik gaya ng mga una niyang ayos noong ang mga sulat niya'y ibang larawan ang ipinipinta. Isang higanteng babae, para siyang retiradong baylarina na mukhang manggagantso, sa paningin ni NICK. Nguni't para kay MAGNO, ubod pa rin siya ng ganda.

NICK: Clarabelle?

CLARABELLE: Yes? Are you Claro?

NICK: No.

CLARABELLE: I wonder why he didn't meet me. Are you his brother?

NICK: Brother?

Masusing pag-aaralan ni CLARABELLE si NICK at hindi na mapapansin si MAGNO.

CLARABELLE: Herman, su hermano, mi casa?

How you say, su casa?

You are so handsome
Attractive, muy, mi caballero
This Claro was O.K., but a bit on the rough side
Don't you think?
And you señor, you are a bit of alright
We could go hide
In the blink
Of an eye, they'd never find us
Haciendo dulce musica hermosa
Muy agradable, I'd be your esposa.

NICK: Claro is gone. He has no brother.

CLARABELLE: What a way to treat a lady?

NICK: This is Magno Rubio.

Sandaling nakalimot si CLARABELLE sa kaniyang pakay

CLARABELLE: Magno—? Yes, yes. Magno, how are you?

Magsasalita si MAGNO ng Ingles na makapal ang puntong Tagalog

Haw dyu du? Aym payn, tink yu.
Ang ganda-ganda pala niya sa personal. Ang laki-laki ng suso.

CLARABELLE: What's he saying?

NICK: He's just very glad to meet you.

MAGNO: Baka nagugutom ka. Bakit hindi ka sumama sa kampo, Ay wil kuk yu prayd tsiken.

CLARABELLE: Doesn't he speak, ah what? Inglese?

He's been writing me all these letters.

You should see them

Nickie boy.

The things he says—mooney delicioso—Oh!

Magsususpetsa si CLARABELLE na si NICK ang sumulat ng mga liham. Mamumungay ang mata.

Are you sure you don't, how you say—
Tenga la bonedad un poco tiempo
Take my tiempo, feel my tiempo, raching mucho,
Uno mas uno uno mas

Hindi siya papansinin ni NICK

Never mind. I can take a well-placed hint

Mapipilitang si CLARABELLE na pansinin si MAGNO

He's a bit of a cutie. What a winning smile—
the Pepsodent Kid!
I must check in a hotel before we talk things over.
I need some Expense money.
And tell him I sold our engagement ring. Tell
Him I need another ring.

Iiumang ni CLARABELLE ang kaniyang kamay na nakabukas ang palad na parang nanghihingi ng pera.

NICK: He can't do it today, Clarabelle.
The banks are closed now.

Maglalabas ng pera si MAGNO mula sa kaniyang pitaka at iaabot ito kay CLARABELLE. Kukunin ng huli ang pera.

CLARABELLE: Mucho dinero. Muchath grathiath
We'll get married mañana, Magno.

Pakiring aawit si CLARABELLE na parang si CARMEN MIRANDA—

Mañana, mañana. . . mañana is good enough for me.

NICK: You should talk to him. Just the two of you.

CLARABELLE: I can't, Herman, I don't understand what he says.

All those g-g-g-g-gas. What is that?

NICK: No comprendo, chica gringa.

Nabara, lilingunin ni CLARABELLE si MAGNO at tatapunan ng halik

CLARABELLE: Have you got a car, Magno? El coche. Muy importante.

MAGNO: Uy! Importante daw.

CLARABELLE: Never mind. How about my expense dinero, Magno?

*Makikita na naman ni MAGNO ang nakabukas na palad ni CLARABELLE.
Magbibigay uli ng pera si MAGNO.*

CLARABELLE: Bethoth y abrathoth—

Hahagkan si MAGNO ni CLARABELLE sa pango niyang ilong.

Mananatiling nakatayong parang estatwa si MAGNO, paglisan ni CLARABELLE.

NICK: Sa tungki ng kanyang ilong na pango

Hinagkan siya ni Clarabelle, sabay ikot.

Si Clarabelle? Siya itong napaatras, napaurong,

Papasok isa-isa ang KORO na nirerepaso at sinusuri ang kanina lang ay naganap na halikan

CLARO: Nag-aalab ang dugo ni Magno, kumukulo

Sa tungki ng kaniyang ilong na pango

May kumakati, na para bang napapaso.

Mga bughaw na mata ni Clarabelle, tignan, nananawagan

—Halikan. Halikan. Iyan lang ang paraan.
Nakahapay na ang pamatay na bunganga ni Magno
Lawit na ang dila, habang may uhog na tumutulo
Sa labi niyang nakanguso.

ATOY: Si Magno’y pa-hilaga, si Clarabelle ay pa-timog
Isang saglit, panandalian, umaapaw sa lunggati
na di masuklian.
Dalawang kaluluwang sa wakas, may tipanan:
Isang anghel, isang walang budhi

PRUDENCIO: Diyos ko, sayang na sayang
Pag-ibig ay nasira ng ganun lamang.
Pinakasimpleng pakitang-tao lamang ang kailangan sa ngayon
Upang pag-ibig na nawarak ay muling mabuhay at magbangon

ATOY: Isang salita lang ay labis na, nguni’t paano makapaghihilom—
kung di sumagi sa kaniyang isip na kaniyang bibig ay nakatikom

Lalakad palayo si CLARABELLE.

YUGTO 2, Tagpo 8: BISPERAS NG KASAL

Magbabago ang ilaw. Gabi. Bisperas ng Kasal. Hindi mapakali si Magno, pabaling-baling, paikot-ikot, naglalakad, iniisip ang naganap, nagagaganap at magaganap kaya?

NICK: Buong gabi, sa bisperas ng kasal,
sa saliw ng hilik ng mga kaibigan
Ngalan ni Clarabelle ang laging nauusal
Tanging bumabagabag kay Magnong isipan

CLARO: Taimtim niyang binibilang mga oras na nagdaraan,
Ngayon nama’y tinatanong, bulaklak na tangan-tangan

ATOY: Mahal niya, o hindi mahal, sabay bunot ng talulot
Makalbo na ang bulaklak, makuha lang ang gustong sagot

PRUDENCIO: Siya si Magnong makisig, ang ating bidang kay tikas,
Sana lang, sana lang—umabot siya hanggang bukas

Upo si MAGNO at pupurbahang matulog. Nakapako ang paningin ng KORO sa kaniya, na waring hinihintay ang simula ng Paglalamay sa Isang Bangungot. Makakatulog, kikislot, at mananaginip si MAGNO.

MAGNO: Si Clarabelle tumatawa, nakangiti, nakangiti, tumatawa.
Kunin mo ang aking kamay.

Parang Misa ng mga Multo, uulitin ng KORO ang mga inuusal ni MAGNO

KORO: Si Magno, nakangiti, tumatawa, nakangiti, tumatawa
Siya'y kaakit-akit, ang karilagan niya'y iyong-iyong
Pakasalan mo siya at ikaw na ang pinakamagaling na lalaki

MAGNO: Si Clarabelle, marikit, maalindog, at kaibig-ibig,
Halikan mo na ako ngayon.

KORO: Yakapin mo siya ng mahigpit at huwag hayaang makahinga.

MAGNO: Clarabelle, huwag mo ako—huwag mo akong hayaang
makahinga

KORO: Magno Magno nagiging kulay abo
Hindi bagay—hindi bagay ang paghinga sa iyo.

MAGNO: Si Clarabelle, sinasakal ako—
Sabihin mong ika'y nagbibiro
Isa kang manananso, isang huwad
Hayaang ako'y magising at mamulat
Ang iyong mga kamay, sa aking leeg ay alisin

Magigising at babalikwas si MAGNO

Ikaw ang aking tupa, ako nama'y iyong kambing
Ano pang ang magagawa ko
Pakiusap, ibigin mo ako.

KORO: Sa pagbati ng kulay rosas na buwang-liwayway
gising na si Magno't nagpapahangin, naggugunamgunam
May milagro bang mangyayari, mayroon bang mahihintay?
Ang makatarungan ba'y mahalay, at ang masama, mainam?
Sa isip niya'y puno pa rin ang baso niyang walang laman.
Nguni't alin ang mas mabuti 'pag pangangailangan ay matindi
Ang magpahatak sa pag-ibig o magbatak ng sarili?
Hindi para kay Magno na ang pag-asa'y walang hanggan,
Sa isip niya'y may langit, sa aming isip: Kademonyohan.

Tatayo at aayusin ni MAGNO ang sarili at lalapit kay NICK. Mag-uumpukan ang KORO.

MAGNO: Ito na ang araw, Nick!

NICK: Saan ba kayo pupunta para magpapakasal?

MAGNO: Sa New Mexico. Iyon na ang pinakamalapit.

NICK: Ipagmamaneho na kita sa otel.

Mag-aambagan ng pang-regalo sa kasal ni MAGNO ang KORO. Masaya sila dahil ang isa sa kanila ay malapit nang matupad ang pangarap. Mamasdan ng KORO ang paglakad nila MAGNO at NICK patungo sa Otel. (Si CLARO ang tatayong Klerk ng Otel).

MAGNO: Hayaan mong ako ang magpatawag sa kaniya.

NICK: Aba, siyempre!

Darating sila sa hotel. Buong pinong pipindutin ni MAGNO ang munting kampanilya sa lamesa.

MAGNO: Clarabelle. Please.

MAYABANG NA KLERK: She just checked out. Her husband came for her.

MAGNO: Her husband?

May maririnig na istarter ng kotse, kasunod ang pag-andar ng makina at ang pabilis na paglayo ng isang sasakyan. Maririnig ang matining na halakhak ni CLARABELLE. Susundan ng tingin ni MAGNO at ng KORO ang tunog ng papalayong kotse. Hindi makatingin ang KORO kay MAGNO na KASALU-KUYANG gumuguho ang daigdig at sa ngayo'y hindi makapagsalita. Makalipas ang ilang sandali, kikibo si MAGNO.

MAGNO: Masaya sila, Nick.

Nakangiti si Clarabelle, at ang ganda ng kanyang ngiti.

At saka tumatawa siya.

Papahiran ng isang daliri ang luha. Hihinga ng bahagya at ngingiti. Babaling kay NICK

Nick, sa palagay ko, sa isang linggo mag-uumpisa na tayong mamitas ng kamatis.

NICK: Oo.

MAGNO: O, ano pang hinihintay natin? Balik na tayo agad sa kampo.

Uubusin na nung mga manong lahat ng manok!!!

Mabilis na lalakad papalabas si MAGNO, susundan siya ng tingin ng KORO. Walang imik silang magtitinginan, pagkatapos ay haharap sila sa mga manonood.

NICK: Ano nga bang mapapakinabang ng isang nilalang kung mawawala sa kaniya ang buong daigdig,

Ngunit mapapangalagaan naman ang kaniyang kaluluwa?

CLARO: Ano nga ba—kung hindi naman naging sa kanya ang kahit anong bahagi ng daigdig noong simula pa lamang?

ATOY: Ano nga ba—kung dumating siya sa bayang ito at siya'y mapagkumbaba

At hindi siya magmana ng mundo

Pagkat ang mundo ay hindi naman kaniya.

Hindi mahalaga na ang mga kamay at mga paa at

mukha at mga mata niya

Ay nagtututong sa lupa.

PRUDENCIO: Ano nga ba—na siya’y nagbungkal sa taniman nang
 mula madaling araw
 At ang sahod niya ay kinamkam at binawasan
 At naaangkop lamang sa tindahan ng kumpanya.

NICK: Ano nga ba—na siya’y nagdadalamhati at walang nagbibigay
 ng ginhawa

CLARO: Ano nga ba—na siya’y nagugutom at nauuhaw na bigyan ng
 dangal
 Kung ang mga karatula, ang mga babalang “Dogs and
 Filipinos positively not allowed”—ay hindi tinatanggal

ATOY: Ano nga ba—na ang puso niya’y busilak,
 Kung wala pa rin siyang Diyos na natatanaw

PRUDENCIO: Ano nga ba—na maging tagapag-dulot siya ng kapayapaan,
 At pagkatapos ay pangalagaan niya ang katahimikang iyon
 nang paulit-ulit—
 Maliban kung kailangan nang gumanti siya ng haplit

NICK: Ano nga ba—na pagtitiisan niya ang pagmamalupit,
 At sa ngalan ng Katarungan
 Ay hablutin ang piring sa mga mata ng Hustisya
 At isigaw sa nabibinging Katuwiran:
 —Masdan mo ang Kaharian ng Langit;
 ito ay akin, ito ay atin!”

LAHAT: Magno Rubio Filipino boy
 Magno Rubio Fili-pinoy
 Magno Rubio por pit six intses tol
 Kung sa kaniya nauukol, tiyak bubukol:
 Kahit na maliit at di nakakahirin
 Wala ring malaki na nakakapuwing!
 Kahit pagong lang ang kawangis
 Ang buhay niya’y humahagibis,
 Ulo ma’y maliit, paa’t kamay ay maikli
 Diwa niya’y lumilipad ng kay taas at kay bilis
 Ano ang nag-uudyok sa makinang ayaw tumigil

Maging burol o putikan
Walang planong tantanan
Anumang prutas, anumang gulay
Ang pagpitas niya'y walang humpay,
Akala mo'y magsasawa
sa pag-akyat at pagbaba
Ginhawa niya'y ang makontento
Na magkamot na parang tsonggo

Ngunit hindi siya hayop, o alipin
Siya'y taong marangal, isang maharlika,
Mula Luzon, hilaga ng Pilipinas.
Lagi man siyang nakayukod,
O gumagamit ng asarol
Siya'y isang taong iginagalang
Isang kapitapitagan,
Labis pa, hindi kulang
Siya ang ating maginoo,
Mabilog at ginintuan
Parang pinyang matinik
Parang pinyang kay tamis

TAGAPAGSALAYSAY/NICK: Sinundan ng tingin ni Magno ang papalayong sasakyan.

Sandali siyang hindi makaimik.
Maya-maya, naunawaan na niya ang lahat.
Pinahiran niya ang kaniyang mga mata ng isang daliri,
At kinuha ang aking braso.
Sa muli naming pagkikita, ikukwento ko sa kaniya ang istorya ni Robinson Crusoe.
Ang mundo'y isang pulo, Magno.
Itinapon tayo sa dagat ng buhay
Umaasang babagsak tayo sa kung saang bahagi ng daigdig.

Nguni't iisa lamang ang pulong ito,
At ito ay nasa puso.

KORO: Magno Rubio, Filipino Boy
Magno Rubio, Fili-Pinoy
Magno Rubio por pit six intses tol,
Kung sa kaniya nauukol, tiyak bubukol:
Kahit na maliit at di nakakahirin
Wala ring malaki na nakakapuwing!

Magdidilim. Susulpot ang masayang mukha ni MAGNO RUBIO sa malaking kuwadro sa kanang panig ng entablado.

-Wakas-